## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Sa kasalukuyan, maraming mga isyu ang ipinagwawalang-bahala o hindi nalalaman ng maraming mga Pilipino. Isa sa mga isyung ito ay ang utang panlabas ng ating bansa.

Para saan ang mga utang? Sa palagay mo ba ay mahalaga para sa isang bansa ang magkautang sa mga banyagang institusyon? Bakit kaya maraming bansa sa buong mundo ang nangungutang? Sinu-sino itong mga nagpapautang?

Ang utang panlabas ba na nakukuha natin ay nakakatulong sa atin at sa ating bansa? Paano binabayaran ng ating pamahalaan ang utang panlabas na ito? Makakayanan ba ng ating pamahalaan na bayaran ito?

May mga taong naniniwalang ang utang panlabas ay kinakailangan ng ating pamahalaan upang matugunan nito ang mga pangangailangan ng ating bansa at upang mapagaan ang ating buhay. Gayumpaman, may mga tao namang naniniwala na ang utang panlabas ay nakakasama sa atin at sa ating bansa. Dahil napupunta ang kinikita ng ating bansa sa pagbabayad sa mataas na interes nito, napipilitan ang ating pamahalaan na bawasan ang laang-gugulin para sa mga serbisyong panlipunan gaya ng kalusugan at edukasyon.

Maraming mga tanong tungkol sa utang panlabas ang ating bansa—mga tanong na kailangan nating malaman. Ang modyul na ito ay tutulong sa pag-unawa mo tungkol sa isyu ng utang panlabas. Tatalakayin nito kung bakit tayo may utang panlabas gaya ng ibang mga bansang maralita at kung paano naapektuhan ng ating utang panlabas ang ating buhay at ating bayan. Tatalakayin din nito kung paano binabayaran ng ating pamahalaan ang ating utang panlabas.

Nahahati sa tatlong (3) aralin ang modyul na ito:

Aralin 1 – *Bakit Kinakailangan Nating Mangutang?*

Aralin 2 – *Ang mga Banyagang Institusyong Nagpapautang*

Aralin 3 – *Ang Konsekuwensiya ng Pagkakaroon ng Utang Panlabas*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, dapat ay makakayanan mong:

- tukuyin ang mga dahilan kung bakit nangungutang ang ating pamahalaan;
- talakayin ang papel na ginagampanan ng mga pinagkakautangang banyaga sa ekonomiya ng isang bansa;
- tukuyin kung saan napupunta ang ating utang panlabas;

- ipaliwanag kung paano naaapektuhan ng ating utang panlabas ang ating buhay at ang ating bansa;
- ipaliwanag kung paano binabayaran ng ating pamahalaan ang ating utang panlabas; at.
- ipahayag ang iyong sariling paninindigan tungkol sa isyu ng ating utang panlabas.



## Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Bago mo simulang pag-aralan ang modyul na ito, subukan mong sagutin ang pagsusulit sa ibaba upang malaman natin kung ano na ang alam mo tungkol sa paksang tatalakayin.

Basahin ang bawat pangungusap sa ibaba. Kung sang-ayon ka rito, maglagay ka ng tsek (3) sa ilalim ng ***Sang-ayon***. Kung tutol ka naman dito, maglagay ka ng tsek sa ilalim ng ***Tutol***. Kung hindi ka sigurado sa iyong sagot, maglagay ka ng tsek sa ilalim ng ***Di Sigurado***.

| | ***Sang-ayon*** | ***Di Sigurado*** | ***Tutol*** |
|---|---|---|---|
| 1. Nangungutang ang pamahalaan sa mga banyagang institusyon upang mapagsilbihan nang mas mabuti ang mga mamamayan. | | | |
| 2. Ang Pilipinas ay umuunlad dahil sa utang panlabas nito. | | | |
| 3. Ang Pilipinas ay hindi na isang bansang maralita. Ito ay mayaman na. | | | |
| 4. Utang ang ipinambabayad ng ating pamahalaan sa mga utang. | | | |
| 5. Maraming mga Pilipino ang tutol sa lingkurang pautang (*debt service*). Naniniwala silang dapat mas bigyan ng priyoridad ng ating pamahalaan ang mga serbisyong panlipunan gaya ng kalusugan at edukasyon. | | | |

| | *Sang-ayon* | *Di Sigurado* | *Tutol* |
|---|---|---|---|
| 6. Dapat tayong magpasalamat sa dating Pangulong Marcos sa pagpapasimula niya sa pangungutang. | | | |
| 7. Mas marami na ngayong silid-aralan at mga guro dahil sa ating utang panlabas. | | | |
| 8. Karamihan sa mga Pilipino ay nananatiling maralita sa kabila ng pagkakaroon natin ng malaking utang panlabas. | | | |
| 9. Kahit wala tayong utang panlabas, mananatili pa rin tayong isang bansang maralita. | | | |
| 10. Dapat nating sisihin ang mga opisyal ng pamahalaan na nangungurakot sa mga utang panlabas na dapat sana ay pakinabangan natin. | | | |

Natapos mo na ba ang pagsusulit? Sa pagsusulit na ito, wala namang tama o maling sagot. Ibinibigay ang pagsusulit na ito upang mahikayat kang pag-isipan ang pagkakaroon natin ng utang panlabas. Tingnan mo ang sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 53–54.

Ngayon, maaari mo nang tingnan ang susunod na pahina at simulang pag-aralan ang Aralin 1.

# Bakit Kailangan Nating Mangutang?

Ano ang unang naiisip mo tuwing naririnig mo ang salitang “utang?”

Ito ay kailangang ibalik sa pinagkakautangan, hiniram na pera, obligasyon, interes, bangko, pera—ano pa ang naiisip mo? Marami ka pang mababanggit, ‘di ba? Ngunit ang pinakaunang maiisip mo tungkol sa “utang” ay may kinalaman ito sa pera. Ang utang ay perang hiniram. At dahil dito, ito ay perang dapat bayaran.

Alam mo bang tayo ay nangungutang sa mga banyagang institusyon?

Ang utang panlabas ng ating bansa ay umabot na ng US $52.415 bilyon noong Marso 2000. Sa pera natin, ito ay umabot na ng ₱2,515.92 trilyon (kung ang gagamitin nating panumbasan ay US $1 = ₱48). Ang laking halaga nito, ano? Nakakalulang isipin kung gaano kalaki ito, ‘di ba? Gayon pa man, huwag kang masindak sa laki ng halagang ito. Pag-aralan mong mabuti ang araling ito upang maintindihan mo kung bakit may utang panlabas ang ating bansa at kung bakit patuloy pa ring nangungutang ang ating pamahalaan.


Tatalakayin ng araling ito ang mga pangangailangan ng ating bansa gaya ng kalusugan at edukasyon na kailangang matugunan. Tatalakayin din nito ang kakayahan (o kawalan ng kakayahan) ng ating pamahalaan na magbayad ng ating utang panlabas nang hindi nangungutang. Pag-aralan mong mabuti ang araling ito upang malaman mo kung anu-ano ang ginagawa ng ating pamahalaan upang makalikom ito ng karagdagang rentas internas (ang mga buwis na kinokolekta nito) at matugunan ang pangangailangan ng ating bansa.

Pagkatapos mong pag-aralan ang leksiyong ito, dapat ay makakayanan mong:

- tukuyin ang mga pangangailangan ng ating bansa na kailangang matugunan;
- ipaliwanag ang kakayahan (o kawalan ng kakayahan) ng ating pamahalaan na magbayad ng ating utang panlabas nang hindi nangungutang;
- ipaliwanag ang mga dahilan kung bakit mayroon tayong utang panlabas.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito




Ano sa palagay mo ang mga pangangailangan ng ating bansa na kailangang matugunan ng ating pamahalaan? Tingnan ang larawan sa itaas upang magkaroon ka ng ideya kung ano ang mga ito. Isulat ang iyong mga sagot sa ibaba.

Karamihan sa mga pamahalaan sa buong mundo ay nangungutang sa mga banyagang institusyon para matustusan ang mga proyektong magpapagaan sa buhay ng kanilang mga mamamayan. Kabilang dito ang mga proyektong pangkaunlaran gaya ng pagbibigay ng patubig sa mga magsasaka, pagpapatayo ng mga paaralan, pamimili ng mga aklat, pagsasanay ng mga lokal na opisyal, pagbibigay ng mga panustos medikal at serbisyong pangkalusugan, pagpapabuti ng paglikha ng elektrisidad, at pagpapagawa ng mga kalsada. Ang lahat ng ito ay nakatuon sa pagpapabuti ng kalagayan ng kanilang mga mamamayan. Kung tutuusin, anong pamahalaan naman kaya ang mag-iisip ng proyekto na makakasama sa kaniyang mga mamamayan?

## Basahin Natin Ito

Sa pagbabasa mo sa sumusunod na kuwento, matututuhan mo ang ibang mga pangangailangan ng bawat bansa. Ang kuwentong ito ay umiikot sa usapan ng apat na magkakaibigan.



**Delia:** Pagod na pagod na ako. Ilang oras na tayong naglalakad. Malayo pa ba ang pamilihan? Ang bigat-bigat pa naman ng bitbit kong mga gulay.

**Lilia:** Hay naku! Ilang kilometro pa ang lalakarin natin. Dapat kasi ay tapusin na ng ating pamahalaang lokal ang kalsadang ipinapagawa nito nang sa gayon ay makadaan ang mga *jeep* at *tricycle* dito. Mapapadali ang paglalakbay para sa ating lahat dahil hindi na tayo kailangang maglakad nang ganito kalayo bawat linggo.

*Sa dadaanan nina Delia at Lilia, may dalawang magsasakang nagtatanim ng palay at mais sa gilid ng kalsada ang nag-uusap.*



**Juanito:** Pare, puspusan ka yatang nagtatrabaho. Magpahinga ka naman.

**Pedro:** Ayos lang ako, pare. Kinakailangan ko kasing magtrabaho nang puspusan para malaki ang aking aanihin at kikitain. Lumalaki na ang gastos ng pamilya ko. Sa katunayan, malapit na namang manganak ang asawa ko, at sa darating na pasukan, ang panganay kong anak na lalaki naman ay tutuntong na sa kolehiyo.

Sana magpatayo ang ating pamahalaan ng ospital at pamantasan malapit dito nang hindi tayo masyadong mahirapang makakuha ng serbisyong medikal at magpaaral ng ating mga anak.

**Juanito:** Tama ka, pare. Talagang mahirap magpaaral ng anak sa kolehiyo. Isipin mo na lang ang pasahe at baon niya araw-araw. Maiba pala ako, kumusta na ang asawa mo?

**Pedro:** Mabuti naman kaya lang inaalala ko ang gastos. Ang naipon ko'y hindi pa sapat para sa panganganak niya. Bukod do'n, iniisip ko ang layo ng ospital na pagdadalhan sa kanya. Ayoko siyang manganak sa klinika dahil noong isang buwan, namatay do'n ang anak ni Gorio eh. Paano naman, kulang na kulang sa kagamitan at gamot ang klinika. Gusto kong matiyak ang kaligtasan ng aking asawa't anak.

**Juanito:** Alam ko ang ibig mong sabihin, pare. Pahirap nang pahirap ang buhay natin. Maraming tao ang nagkakasakit - karaniwan ay mga bata - ngunit walang sapat na gamot ang klinika. Ayon sa nars do'n, marami raw nagkakasakit sa atin dahil sa iniinom nating tubig. Ang sabi niya ay kailangang linisin ang pinagkukunan natin ng tubig. Sa paglilinis nito, mangangailangan daw ng isang uri ng panibagong makinarya at mga kemikal. Alam mo kung magkano aabutin ang lahat ng 'yon? Humigit-kumulang sa P1 milyon!

**Pedro:** Susmaryosep! Saan naman tayo kukuha ng ganoong kalaking halaga?

**Juanito:** Ayon kay Mayor Santos, humingi na siya ng tulong sa pamahalaang sentral, at ngayon tinutulungan siyang makautang sa isang banyagang institusyon.

Nang mapadaan sina Delia at Lilia kung saan nag-uusap sina Pedro at Juanito, tumigil muna sila sa paglalakad at sumali sa usapan.

**Delia:** Juanito, Pedro, kumusta kayo? Kumusta ang pagtatanim ninyo?

**Pedro:** (*Nagbuntung-hininga*) Tulad pa rin nang dati. Maliit pa rin ang ani namin. Nanghihina na nga ang kalabaw ko sa bigat ng trabaho. Bukod dito, ang patabang ginamit ko'y hindi mabisa.

**Juanito:** Alam mo, pare, sa ibang bansa, makabagong teknolohiya ang ginagamit nila sa pagsasaka. Gumagamit sila ng malalaking makinarya sa pagtatanim at ng pinakamabisang pataba. Kaya naman hindi kataka-taka kung bakit malaki palagi ang ani ng mga magsasaka nila. Kung makabagong teknolohiya ang ginagamit natin sa pagsasaka, nakatitiyak akong malaki rin palagi ang ani natin.

**Lilia:** Tama ka, Juanito. Masyado tayong atrasado. Napakaluma ng teknolohiyang ginagamit natin.

**Delia:** Eh, saan naman kaya natin kukunin ang perang pambili ng makabagong teknolohiya?

**Lilia:** Tama na nga 'yan. Sa palagay ko'y, dapat magpatuloy na kami ni Delia sa paglalakad patungo sa **pamilihan.** Medyo nahuhuli na kami. Hindi na nga sariwa 'tong bitbit kong mga gulay. Siyanga pala, Pedro, pakiabot mo naman ang pangungumusta namin sa asawa mo, ha?



## Subukan Natin Ito

Naintindihan mo ba ang kuwento? Tingnan natin. Kaya mo bang tukuyin ang ilang pangangailangan ng ating bansa na kinakailangang matugunan?

A. Ang sumusunod na pangungusap ay ukol sa mga pangangailangan ng ating bansa. Basahing mabuti ang mga ito at isulat sa patlang ang partikular na pangangailangang tinutukoy.

1. "Sa ibang bansa, makabagong teknolohiya ang ginagamit nila sa pagsasaka. Gumagamit sila ng malalaking makinarya sa pagtatanim at ng pinakamabisang pataba."

   ______________________________

2. "Maraming tao ang nagkakasakit - karaniwan ay mga bata . . ."

   ______________________________

3. "Masyadong atrasado ang ating bansa. Napakaluma ng teknolohiyang ginagamit natin."

   ______________________________

4. "Ang sabi niya ay kailangang linisin ang pinagkukunan natin ng tubig."

   ______________________________

5. "Ayoko ko siyang manganak sa klinika dahil noong isang buwan, namatay do'n ang anak ni Gorio."

   ______________________________

6. "Ilang oras na tayong naglalakad. Malayo pa ba ang pamilihan?"

   ______________________________

7. "Talagang mahirap magpaaral ng anak sa kolehiyo."

   ______________________________

B. Paano kaya matutugunan ng ating pamahalaan ang lahat ng mga pangangailangang ito ng ating bansa?

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

______________________________

Natapos mo na ba ang pagsasanay? Kung gayon, tingnan mo ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 54.

## Alamin Natin

Maraming mga pangangailangan ang ating bansa na dapat pagkagastahan. Kabilang dito ang patubig para sa mga magsasaka, mga paaralan at mga aklat para sa mga mag-aaral, pagsasanay ng mga lokal na opisyal, mga panustos medikal at serbisyong pangkalusugan, elektrisidad, at mga kalsada.

Bakit itinuturing na mga pangangailangan ito ng ating bansa? Kailangan kasi ang mga ito upang mapagaan ang ating pamumuhay at upang umunlad ang ating bansa.



**Transportasyon**

Ang pagkakaroon ng magagandang kalsada, halimbawa, ay nagpapabilis sa pag-unlad ng ating ekonomiya. Papaano? Balikan natin ang kuwento sa pahina 6. Ayon dito, mabilis sanang nakarating sina Lilia at Delia sa pamilihan para maibenta ang kanilang mga gulay kung ipinatapos ng kanilang pamahalaang lokal ang kalsadang ipinapagawa nito.




**Kalusugan**

Ang pagkakaroon ng mga paaralan at mga aklat para sa mga mag-aaral at ang pagkakaroon ng serbisyong pangkalusugan ay mahalaga rin naman. Kailangang malinang ang katalinuhan natin at mapangalagaan ang ating kalusugan dahil sa mga ito nakasalalay ang pag-unlad ng ating ekonomiya.


Kung may ideya ka kung bakit, isulat mo ito.

________________________________________

________________________________________


Ayon sa *Asian Development Bank (ADB)*, isa sa mga pangunahing banyagang institusyon na nagpapautang, *"Wala pang bansa o rehiyon ang nanaig sa kahirapan nang hindi nagbibigay ng kaukulang pagpapahalaga sa edukasyon at serbisyong medikal sa mga mamamayan."*


Ang edukasyon ay nakapagbibigay ng kapangyarihan sa mga mahihirap - kapangyarihang taasan ang kanilang kinikita at ang antas ng kanilang pamumuhay. Pinaniniwalaang ang mga mahihirap ay lalong malulugmok sa kahirapan kung hindi sila mabibigyan ng pagkakataong makapag-aral. Ang mga taong nakapag-aral ay mas produktibo at maaaring kumita nang malaki.




**Edukasyon**

Ngayon, isipin mong ikaw ay naninirahan sa isang mundong walang kuryente. Sa palagay mo ba ay magagawa mo pa ang mga bagay na dati mong ginagawa gaya ng panonood ng telebisyon? Ang kuryente ay napakahalaga sa ating buhay, lalo na ngayong nasanay na tayo rito. Dahil imposible na tayong makapamuhay nang wala ito, maituturing na natin itong isang pangunahing pangangailangan ng ating bansa. Kaya naman, dapat tiyakin na ang ating bayan ay mayroong sapat na pinagkukunan ng kuryente upang hindi tayo maubusan.


**Enerhiya**


**Pabahay**


Samantala, ang Pilipinas ay isang bansang agrikultural. Ganoon pa man, hindi sapat ang ating ani para sa sarili nating gamit. Sa paramihan ng ani, nahuhuli tayo sa mga kalapit-bansa natin sa Asya. Bakit kaya ganito ang sitwasyon natin?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Hindi sapat ang ating ani dahil napakaluma ng teknolohiya natin. Dahil sa liit ng kanilang ani at kinikita, napipilitan ang ating mga magsasaka na magtungo sa lungsod upang gumawa ng mga mababang uri ng gawain. Ang pandarayuhan nila sa lungsod ay nagpapasidhi sa pangangailangang ito: pabahay.


**Empleyo/Trabaho/Pagawaan**

Maraming tao, partikular ang mga naninirahan sa mga lungsod, ang walang disenteng pabahay. Sa katunayan, maraming mga bata ang natutulog na ang tanging saplot sa katawan ay karton at diyaryo. Marami ring mga pamilya ang naninirahan sa ilalim ng mga tulay at sa mga kolonya ng iskuwater.

Nasasabing responsibilidad ng ating pamahalaan na isaisip palagi ang kapakanan ng mga mamamayan. Ngunit dahil kinakapos ang ating pamahalaan, hindi nito kayang magbigay ng disenteng pabahay. Naging pabigat pa nga ang pangangailangang ito sa ating pamahalaan.

Para umunlad ang ating bansa, kinakailangan nitong magkaroon ng maraming industriya (gaya ng industriya ng damit at paggawa ng mga produkto) na nakakatulong sa pagpapayaman ng ating bansa at nagbibigay ng trabaho sa ating mga kababayan.



Peace and order

Bukod sa pabahay, ang ating pamahalaan ay kinakailangang maglaan ng pera para panatilihin ang katahimikan at kaayusan sa ating lipunan. Milyun-milyon ang kinakailangan nitong ilaan sa pagbili ng mga kagamitang militar at panustos sa pagsasanay at pagpapasuweldo sa mga sundalo at pulis.


Ang lahat ng mga pangangailangang ito ay mahalaga para sa kaunlaran ng ating bansa. Dahil dito, kailangang humanap ng paraan ang ating pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangang ito. Isa sa mga solusyon ng ating pamahalaan ay ang pangungutang sa mga banyagang institusyon. Marami ka pang matututuhan tungkol sa utang panlabas ng ating bansa sa pagpapatuloy mo sa pag-aaral sa modyul na ito.



## Pag-isipan Natin Ito

Si Lucio ay isang manggagawa sa konstruksiyon sa isa sa mga pinakaabalang lugar sa Maynila. Mayroon siyang asawa at tatlong anak. Kumikita siya ng ₱200 bawat araw o ₱4,800 bawat buwan.

Bawat katapusan ng buwan, nag-iintrega kay Nena ang kanyang asawa, na matiyagang nagbabadyet para matugunan lahat ang kanilang mga pangangailangan. Kadalasan, kinakailangang gumawa ng paraan si Nena para madagdagan ang kinikita niya.




Tulungan natin si Nenang mag-badyet. Kuwentahin mo ang lahat ng pinagkakagastahan ng kanyang pamilya at sabihin kung sapat ang kinikita ni Lucio. Ang lingguhang pangangailangan ay kinalkula na para sa iyo.

| Mga lingguhang pangangailangan | Presyo | Sub-Total |
|---|---|---|
| *Pagkain* | | |
| 6 kilo ng bigas | ₱14.00/1 kilo | ₱84.00 |
| 20 pakete ng mike (pansit) | ₱4.50/pakete | ₱90.00 |
| ½ kilo ng tuyo | ₱120.00/kilo | ₱60.00 |
| 2 kilo ng pinaghalong gulay | ₱75.00/kilo | ₱150.00 |
| *Pasahe at baon* | | |
| Lucio | ₱50.00/araw | ₱250.00 |
| Tatlong anak | ₱20 bawat isa bawat araw | ₱300.00 |
| *Atbp.* | | ₱135.00 |
| **TOTAL** | | **₱1,069.00** |

Ang lingguhang gastos ng pamilya ni Lucio ay ₱1,069.00. Halos lahat ng halagang ito ay tumutugon lamang sa pagkain, pasahe, at baon ng pamilya. Upang makalkula mo kung magkano inaabot ang buwanang gastos ng pamilya, imultiplika mo ang halagang ito sa apat (kabuuang bilang ng linggo sa isang buwan):

**₱1,069 × 4 na linggo = ₱4,276.00**

Ano ang sinasaklaw ng halagang ito? Implikasyon?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

Kung ang isinagot mo ay ang halagang ito na siyang kabuuang gastos ng pamilya ni Lucio para sa pagkain, pasahe, at baon sa isang buwan, tama ka!

Sa susunod na pahina ipinapakita ang mga karagdagang gastos ng pamilya bawat buwan. Kuwentahin mo kung magkano ang inaabot ng mga ito.

| Mga lingguhang pangangailangan | Presyo |
|---|---|
| Renta sa bahay | ₱800.00 |
| Kuryente | ₱100.00 |
| Tubig | ₱90.00 |
| Damit (tantiya) | ₱250.00 |
| Kape, asukal, gatas | ₱150.00 |
| Sabon at panggugo | ₱100.00 |
| Sabon panlaba | ₱50.00 |
| **TOTAL** | |

- Upang makalkula mo ang kabuuang gastos ng pamilya ni Lucio sa isang buwan, idagdag mo ang total ng mga karagdagang gastos sa kabuuang gastos sa pagkain, pasahe, at baon (₱4,276.00).
- Pagkatapos, ihambing mo ang kinikita ni Lucio sa isang buwan sa kabuuang gastos ng kanyang pamilya sa isang buwan.
- Kung kasinlaki o mas malaki ang kinikita ni Lucio sa isang buwan kaysa sa kabuuang gastos ng kaniyang pamilya sa isang buwan, masasabi nating sapat ang kanyang kinikita sa isang buwan. Ngunit kung mas malaki ang kabuuang gastos ng kaniyang pamilya sa isang buwan kaysa sa kanyang kinikita sa isang buwan, masasabi nating nagkukulang si Lucio. Samakatwid, masasabi nating nakakaranas si Lucio ng **kakulangan sa badyet** (*budget deficit*).
- Upang makalkula mo ang kakulangan sa badyet ni Lucio, ibawas mo ang kinikita ni Lucio sa isang buwan sa kabuuang gastos ng kanyang pamilya sa isang buwan.

[ **Kabuuang gastos sa isang buwan** – **Kabuuang kita sa isang buwan** = **Buwanang kakulangan sa badyet** ]

Sagutin mo ang sumusunod na tanong:

1. Magkano ang kabuuang gastos ng pamilya ni Lucio sa isang buwan?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

2. Sapat ba ang kinikita ni Lucio sa isang buwan upang tustusan ang buwanang pangangailangan ng kanyang pamilya? ___Oo ___ Hindi. Paano mo naman nasabi iyan?

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

3. Mayroon bang kakulangan sa badyet? ___Oo ___Hindi. Kung mayroon, magkano? ___________________________________________

4. Sakaling makaranas ng kagipitan ang pamilya ni Lucio, sa palagay mo ba ay may sobra pa itong perang magagamit? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________


5. Kung ikaw si Lucio, ano ang gagawin mo upang matustusan ang mga pangangailangan ng iyong pamilya? Mangungutang ka ba sa mga kaibigan mo at kamag-anak? Bakit?

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

_____________________________________________________________

Pagkatapos sagutin ang mga tanong, tingnan mo ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 55.



## Alamin Natin

Gaya ng pamilya ni Lucio, ang ating bansa ay may mga pangangailangang dapat matugunan. Kadalasan, kundi sa lahat ng pagkakataon, ang ating pamahalaan ay nakakaranas din ng kakulangan sa badyet.

Anu-ano ang mga kapuna-punang pagkakatulad ni Lucio at ng ating pamahalaan?

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

_________________________________________________________________

Si Lucio ay nagtatrabaho para kumita. Ang trabaho niya bilang manggagawa sa konstruksiyon ang tangi niyang pinagkukunan ng panggastos ng kanyang pamilya. Sa kabilang dako naman, ang mga buwis na kinokolekta ng ating pamahalaan ang pangunahing pinagkukunan ng gugugulin para sa mga panlipunang serbisyo nito. Ang mga buwis na kinokolekta nito ay tinatawag na **rentas internas** (*internal revenue*). Tatlo ang klase ng buwis na pinagmumulan ng rentas internas - ang buwis sa kita ng mga mamamayan (*income tax*), ang buwis sa kita ng mga korporasyon (*corporate profits tax*), at ang buwis sa pagdaragdag-halaga (*value-added tax* o *VAT*). Ang pangatlong klase ng buwis - ang VAT - ay binabayaran natin tuwing namimili tayo o kumakain sa labas, halimbawa.

Kung napag-alaman mong si Lucio ay nakakaranas ng kakulangan sa badyet, tama ka. Sa isang buwan, mas malaki ang gastos ng kanyang pamilya sa kanyang kinikita. Gayundin, ang ating pamahalaan ay nakakaranas ng kakulangan sa badyet tuwing mas malaki ang gastos sa mga panlipunang serbisyo nito kaysa sa rentas internas na nakokolekta nito. Sa mga ganitong pagkakataon, kinakailangang mangutang ang ating pamahalaan para hindi ito kulangin.

Kung titingnan nating maigi ang rentas internas na nakolekta ng ating pamahalaan mula Enero hanggang Setyembre 2000, makikita natin na umabot ito ng ₱376.459 bilyon. Ang gastos ng ating pamahalaan nang panahong iyon ay umabot naman ng ₱459.442 bilyon.

Kaya mo bang kalkulahin ang kakulangan sa badyet ng ating pamahalaan? Kung gayon, magkano ito?

$$\begin{array}{r} ₱459.442 \\ \underline{\quad 376.459} \\ \textbf{?} \end{array}$$

Kung ang sagot mo ay ₱82.983 bilyon, magaling!

Ano ang ipinapahiwatig ng halagang ito?

Ito ang halagang kinakailangang utangin ng ating pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangan ng ating bansa.

Gaya ni Lucio, ang ating pamahalaan ay mangungutang. Nagkakaiba lamang sila ng pinagkakautangan. Mga kaibigan at kamag-anak ang pinagkakautangan ni Lucio samantalang ang mga banyagang institusyon (gaya ng *World Bank* at *International Monetary Fund*) ang pinagkakautangan ng ating pamahalaan.


Sa puntong ito, dapat mong malaman na hindi lamang ang mga bansang maralita gaya ng Pilipinas ang nakakaranas ng kakulangan sa badyet. Maging ang mga bansang mayayaman gaya ng Estados Unidos, Britanya, Pransya, Canada, bansang Aleman at Hapon ay kinakapos din - at nangungutang.


Sa Pangalawang Aralin, pag-aaralan nating maigi ang mga detalye ng mga banyagang institusyong pinagkakautangan ng ating pamahalaan.


Sa Pangatlong Aralin naman, pag-aaralan natin ang pinsalang dulot ng pagkakaroon natin ng utang panlabas.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Natutuhan mo sa araling ito na nangungutang ang ating pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangan ng ating bansa. Tingnan mo ang sumusunod na larawan at tukuyin mo ang mga pangangailangang ipinapahiwatig ng mga ito. Isulat mo ang iyong mga sagot sa patlang.










a. ____________________ b. ____________________ c. ____________________







d. ____________________ e. ____________________ f. ____________________



g. ____________________

B. Kung ikaw ang Pangulo ng Pilipinas, ano ang iyong gagawin upang matugunan mo ang mga pangangailangan ng ating bansa? Sa paliwanag na ibibigay mo, huwag mong kaliligtaang talakayin ang relasyon ng pangangailangan ng ating bansa at ang rentas internas na nakokolekta ng ating pamahalaan.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

C. Ipaliwanag mo ang kahulugan ng katagang "kakulangan sa badyet" -

1. Sa konteksto ng pamilya

__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

2. Sa konteksto ng ating pamahalaan

__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 55–56.



## Tandaan Natin

Maligayang bati sa iyo! Narating mo na ang dulo ng Unang Aralin. Ngayon, handa ka na bang magpatuloy sa susunod na aralin? Bago mo tingnan ang susunod na pahina, basahin mo muna ang sumusunod na mahahalagang paksa na dapat tandaan:

- Maraming mga pangangailangan ang ating bansa gaya ng pabahay, edukasyon, serbisyong medikal, at katahimikan at kaayusan.
- Ang pangunahing pinagkukunan ng badyet o pondo ng ating pamahalaan ay ang **rentas internas** (ang mga buwis na kinokolekta nito).
- Ang **kakulangan sa badyet** ay tumutukoy sa gastos na hindi matutumbasan ng rentas internas.
- Kapag nakakaranas ng kakulangan sa badyet ang ating pamahalaan, ito ay napipilitang mangutang upang matustusan ang gastos na hindi matutumbasan ng rentas internas.

ARALIN 2

# Ang mga Banyagang Institusyong Nagpapautang

Sa Unang Aralin, natutuhan mo na mayroong mga pangangailangan ang ating bansa na kinakailangang matugunan. Natutuhan mo rin na kinakailangang mangutang ang ating pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangang ito.

Marahil iniisip mo ngayon kung saan nangungutang ang ating pamahalaan. Ang ating pamahalaan ay maaaring mangutang mula sa mga bangkong lokal ngunit kadalasan, ito ay lumalapit sa mga banyagang institusyon.

Sa araling ito, matututuhan mo ang papel na ginagampanan ng tatlong (3) pangunahing banyagang institusyong nagpapautang - ang Bangkong Pandaigdig (*World Bank o WB*), Pandaigdigang Pondong Pampananalapi (*International Monetary Fund* o IMF), at Bangkong Pangkaunlaran ng Asya (*Asian Development Bank* o ADB*)* - na laging pinagkakautangan ng ating pamahalaan.

Susuriin mo ang mga proyektong pinaggugugulan ng mga utang panlabas para matutuhan mo kung paano naapektuhan ang ating buhay at ang ating bansa.

Pagkatapos pag-aralan ang leksiyong ito, dapat ay makakayanan mong:

- tukuyin ang iba't ibang banyagang institusyong nagpapautang at ang papel na ginagampanan ng mga ito; at
- ipaliwanag ang kaugnayan ng utang panlabas ng ating bansa at ng ating pakikilahok sa sistemang pandaigdig.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Natutuhan mo sa Unang Aralin na nangungutang ang ating pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangan ng ating bansa. Kung sapat sana ang rentas internas na nakokolekta ng ating pamahalaan, hindi na ito kakapusin at mangungutang. Sa kasamaang palad, madalas kulang ang rentas internas na nakokolekta ng ating pamahalaan kaya't ito ay kinakapos at nangungutang. Gayundin, kung ang gastos sana ng ating pamahalaan sa pagtugon sa mga pangangailangan ng ating bansa ay kayang tumbasan ng rentas internas na nalilikom nito, hindi na ito makakaranas ng kakulangan sa badyet at mapipilitang mangutang.

Ngayon, pag-aralan nating maigi ang mga pinagkakautangan ng ating pamahalaan - ang mga pinagkakautangang banyaga. Sa pag-umpisa natin, kinakailangan nating balikan ang kuwento nina Lucio at Nena na tinalakay sa Unang Aralin. Matatandaan mong ang buwanang sahod ni Lucio bilang isang manggagawa sa konstruksiyon ay kulang upang matugunan ang buwang gastos ng kanyang pamilya. Kaya palagi siyang kinakapos at nakakaranas ng kakulangan sa badyet.






## Subukan Natin Ito

Sagutin mo ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang pinag-uusapan nina Lucio at Nena?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

2. Sinu-sino ang maaaring mautangan ni Lucio?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3. Bakit kinakailangang mangutang si Lucio sa iba't ibang mapagkukunan?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

4. Kung ihahambing natin ang sitwasyon ni Lucio sa sitwasyon ng ating pamahalaan, masasabi nating kapwa sila nakakaranas ng kakulangan sa badyet. Sinu-sino kaya ang maaari nilang mautangan? Anu-ano kaya ang maaari nilang mapagkunan?

| Lucio | Ang ating pamahalaan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

5. Ano ang papel na ginagampanan ng mga banyagang institusyong nagpapautang?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Pagkatapos mong sagutin ang mga tanong, ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 56–57.



## Pag-isipan Natin Ito

Pinag-uusapan nina Lucio at Nena ang kanilang suliraning pinansiyal - ang kanilang kakulangan sa badyet - na nag-uudyok sa kanilang mangutang.

Maraming maaaring mautangan si Lucio. Maaari siyang lumapit sa kanyang mga kamag-anak, kaibigan, kapit-bahay, bangko, o kaya naman ay kooperatiba.

Kinakailangang lapitan ni Lucio ang lahat ng kanyang maaaring mautangan sapagkat maraming pangangailangan ang kanyang pamilya na kinakailangang matugunan at malaki ang gagastusin para sa mga ito. Makautang man siya sa isang kaibigan ng pambayad sa renta ng kanilang tinitirhan, mangangailangan pa rin siya ng karagdagang pera para sa baon ng kanyang mga anak. Sa madaling sabi, hindi sapat ang kanyang mauutang para matugunan ang dalawa nilang pangangailangan. Kaya nga't kinakailangan niyang lapitan ang lahat ng iba pang maaari niyang mautangan.

Sa tingin mo, ano ang pagkakatulad ng sitwasyon ni Lucio sa sitwasyon ng ating pamahalaan?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Ang ating pamahalaan ay kinakailangang mangutang upang matugunan ang mga pangangailangan ng ating bansa (tinalakay ang paksang ito sa Unang Aralin) tulad halimbawa ng pagpapaayos ng EDSA. Bagama't mahalaga ang pagpapaayos ng EDSA, hindi maaaring ibuhos dito ng ating pamahalaan ang lahat ng rentas internas na kanyang kinolekta. Marami pang mahahalagang pangangailangan ang ating pamahalaan na kinakailangang matugunan. Maghahanap ngayon ang ating pamahalaan ng mauutangan upang maipaayos ang EDSA. Hindi ito maaaring lumapit nang paulit-ulit sa pinagkakautangan kung may iba pa itong proyektong iniisip. Kung gayon, maghahanap na naman ito ng ibang mauutangan.

Matutukoy mo ba ang ilan sa mga banyagang institusyong pinagkakautangan ng ating pamahalaan?

________________________________________________________________________
________________________________________________________________________
________________________________________________________________________

Maraming mga banyagang institusyon ang itinatag upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga bansang kinakapos, lalo na ang mga bansang maralita at papaunlad pa lamang. Ang iba sa mga institusyong ito ay nagbibigay ng tulong pinansiyal at tulong teknikal sa mga bansang nangangailangan sa mga ito. Ang ilan sa mga institusyong ito ay ang World Bank, IMF, at ADB.

Alamin nating maigi ang tatlong institusyong nabanggit ...



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito



Mayroon na ba kayong narinig tungkol sa World Bank? Kung mayroon, bakit kaya ito pinangalanang World Bank?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Ang World Bank ay miyembro ng Mga Bansang Nagkakaisa (*United Nations*). Sa kasalukuyan, binubuo ang World Bank ng 183 bansang kasapi kabilang ang Pilipinas. Ito ay pinangalanang World Bank dahil hindi ito pag-aari ng iisang bansa lamang. Karamihan sa mga bansa sa buong mundo ay miyembro ng World Bank. Ito ang pinakamalaking pinagkukunan ng tulong pinansiyal ng mga bansang kasapi nito, lalo na yaong mga bansang maralita.

Alam mo ba kung gaano kalaki ang perang ipinautang ng World Bank sa mga bansang kasapi nito noong 1999? Noong taong iyon, ito ay nagpautang ng US$15.3 bilyon. Mula nang itayo ito noong 1944, ito ay nagpapautang at nagbibigay ng tulong teknikal sa mga bansang kasapi na kinakapos.

Sa kasalukuyan, ang World Bank ay abala sa pagtulong sa higit sa 100 mga bansang papaunlad pa lamang. Ang misyon nito ay iahon ang mga mamamayan ng mga bansang ito mula sa kahirapan at itaas ang antas ng kanilang pamumuhay. Hinihikayat ng World Bank na mabigyan sila ng magaan at disenteng buhay.

Sa tulong ng World Bank (maging ito'y pinansiyal o di-pinansiyal), pinagbubuti ng mga pamahalaan ng mga bansang nabanggit ang kanilang mga ekonomiya. Sa katunayan, marami sa kanila ang namumuhunan sa mga serbisyong panlipunan, imprastrakturang panlipunan, at pangangalaga ng ating kapaligiran.

Ang World Bank ay tumutulong sa Pilipinas upang maisagawa ang mga proyektong pangkaunlaran ng ating pamahalaan. Nagbibigay ito ng tulong pinansiyal at tulong teknikal upang maiahon tayo sa kahirapan.

Matutukoy mo ba ang iilan sa mga proyektong ito? Kung gayon, isulat mo ang mga ito.

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Heto ang ilang proyektong pinondohan ng World Bank dito sa atin noong 2000.

| Ilang proyektong pinondohan ng World Bank sa Pilipinas noong 2000 | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Proyekto** | **Netong halaga ng pautang (US$ milyon)** | **Paglalarawan ng proyekto** | **Petsa ng pagkakaroon ng bisa** | **Petsa ng pagtatapos** |
| Kalusugan at Ligtas na Pagbubuntis at Panganganak ng mga Kababaihan | 13.70 | Nilalayon ng proyektong ito na pangalagaang mabuti ang kalusugan ng mga kababaihan lalung-lalo na iyong may kakayahan nang magbunits. Nilalayon rin ng proyektong ito na mabawasan ang dami ng mga babaeng nagkakasakit o namamatay dahil sa pagbubuntis o panganganak. | Hulyo 1995 | Disyembre 2000 |
| Kalusugan at Nutrisyon ng mga Taga-lungsod | 70.00 | Nilalayon ng proyektong ito na pangalagaang mabuti ang kalusugan at nutrisyon ng mga iskuwater. Ang proyektong ito ay tutulong sa mga pamahalaang lokal sa pagpaplano, pagtutustos, at pagsasagawa ng mga proyektong pang-kalusugan. | Abril 1994 | Disyembre 2000 |
| Pagpapaunlad ng mga Pamayanan ng Repormang Pansakahan | 50.00 | Nilalayon ng proyektong ito na tulungan ang pamahalaan na patibayin ang mga kapisanan ng mga magsasaka sa mga Pamayanan ng Repormang Pansakahan. Nilalayon ng proyektong ito na tulungan ang mga | Abril 1997 | Disyembre 2003 |

| Proyekto | Netong halaga ng pautang (US$ milyon) | Paglalarawan ng proyekto | Petsa ng pagkakaroon ng bisa | Petsa ng pagtatapos |
|---|---|---|---|---|
| | | kapisanang ito sa pagsasagawa ng kanilang mga plano at mga gawaing pangkaunlaran na makapagbibigay sa kanila ng mas malaking kita. | | |
| Patubig at Paglilinis ng mga Pamahalaang Lokal | 23.30 | Ang proyektong ito ay tutulong sa ilang pamahalaang lokal sa patubig at paglilinis ng kanilang mga pamayanang lokal. | Mayo 1999 | Setyembre 2002 |

Pinagkunan: www.worldbank.org



## Subukan Natin Ito

Sagutin mo ang sumusunod na tanong. Sa pagsagot mo, sumangguni sa talaan sa pp. 23–24.

1. Sa papaanong paraan kaya matutugunan ng mga proyektong tinukoy ang mga pangangailangan ng mga mamamayang Pilipino?

    ______________________________________________

    ______________________________________________

    ______________________________________________

2. Gaano kalaki ang inutang ng ating pamahalaan sa World Bank para maisakatuparan ang mga proyekto nito?

    ______________________________________________

    ______________________________________________

    ______________________________________________

3. Nang humiram ang ating pamahalaan sa World Bank, ang halaga ng palitan noon ay malapit sa ₱40.00 = US$1.00. Gamit ito bilang panumbasan, alamin mo ngayon ang halaga ng utang ng ating pamahalaan sa piso. Gaano ito kalaki?

| Tala: Halaga ng utang sa dolyar × halaga ng piso bawat dolyar = halaga ng utang sa piso |
|---|

4. Magkano ang babayaran ng ating pamahalaan kung ang halaga ng palitan ay tumaas mula ₱40.00 = US$1.00 sa ₱48.00 = US$1.00? Para masagot ito, sumangguni sa ikatlong tanong.

5. Ano ang implikasyon nito?

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 57–58.





## Basahin Natin Ito

Mayroon ka na bang narinig tungkol sa IMF? Sa palagay mo ba ay bangko rin ito?
___Oo ___Hindi

Mayroon ka na bang narinig tungkol sa **pakikipagtulungang pampananalapi** (*monetary cooperation*)? Alam mo ba ang ibig sabihin nito? Kung Oo, magaling! Isulat mo ang pagkakaunawa mo nito.

Kung hindi, basahin mo ang sumusunod na pag-uusap sa susunod na pahina.


Arlene, tingnan mo 'tong sweater. Ang mura-mura, ano? US$25 lang!
Hay naku, Liza! 'Di mo ba alam na ang US$25 ay napakalaking halaga. Nasa dolyar ang halaga ng sweater na 'yan. 'Wag ka sanang palilito.
$25
Kung gayon, magkano 'to sa pera natin?
Kung ang halaga ng palitan ngayon ay ₱48 bawat US$1, ang halaga niyan ay . . . teka, 'asan ang calculator ko? ...ah, alam ko na – ₱1,200!
$25
Arlene, paano nangyari 'yon? Ang ibig kong sabihin ay paano natin malalaman ang katumbas ng dolyar sa piso o kaya nama'y sa ibang pera? Mayroon bang kasunduan ang mga bansa tungkol sa halaga ng palitan?
Mayroon nga, Liza. Mayroon tayong tinatawag na pakikipagtulungang pampananalapi na nagtatakda ng halaga ng palitan ng mga pera ng iba't ibang bansa. Ang kasunduang ito ay pinapadali ng International Monetary Fund. Pinagkasunduan ng mga bansang kasapi nito na magkaroon ng matatag na sistema ng palitan ng pera upang maayos at mabilis ang kanilang transaksiyon sa isa't isa.



## Magbalik-aral Tayo

Batay sa pag-uusap na iyong nabasa, ano ang layunin ng pakikipagtulungang pampananalapi at ano ang kinalaman ng IMF dito?

Ang pakikipagtulungang pampananalapi ay isang kasunduan ng mga bansang kasapi sa IMF. Itinatakda ng kasunduang ito ang halaga ng palitan ng mga pera nila upang maayos at mabilis ang kanilang mga transaksiyon sa isa't isa.

Binuo ang IMF upang magkaroon ng matatag na sistema ng pagpapalitan ng mga pera at tagapangasiwa nito.



## Pag-aralan Natin Ito

Ang IMF ay maituturing na isang kooperatibang pandaigdig na binubuo ng 183 bansang kasapi kabilang ang Pilipinas. Ang institusyong ito ay nagpapautang sa mga kasaping kinakapos upang kanila itong magamit sa pagsasakatuparan ng kanilang mga proyektong pangkaunlaran.

Gaya sa isang kooperatibang lokal, bawat bansang kasapi ng IMF ay nagbibigay ng kanilang kontribusyon. Ang kabuuang kontribusyon ang pinapautang ng IMF sa mga kasaping kinakapos. Ang laki ng mauutang at ang lawak ng kapangyarihang bumoto - ng isang kasapi ay nababatay sa laki ng kanyang kontribusyon. Kung mas malaki ang kanyang kontribusyon, mas malaki rin ang kanyang mauutang at mas malawak ang kanyang kapangyarihang bumoto.



## Basahin Natin Ito

### Ang IMF at ang Pilipinas

Upang mas lalong maunawaan ang papel na ginagampanan ng IMF bilang isang pinansiyal na institusyon, lalo na rito sa Pilipinas, basahin mo ang lathalain sa ibaba.

**Pagpapautang ng US$314 milyon sa Pilipinas, maaring ipagpaliban ng IMF**

Ayon sa IMF, maaari nitong ipagpaliban ang pagpapautang ng US$314 milyon sa atin dahil sa lumalaking kakulangan sa badyet ng ating pamahalaan. Ang halagang ito ay bahagi ng US$1 bilyong utang na ipinangakong ipapautang ng IMF.

Sa unang siyam na buwan ng taong ito, umabot na ng ₱82.983 bilyon ang kakulangan sa badyet ng ating pamahalaan. Ito ay lampas na sa itinakdang hangganan ng IMF.

Napilitan ang ating pamahalaan na bawasan ang kakulangan nito sa badyet bilang pagtupad sa itinakdang hangganan ng IMF.

Dahil sa lumalaking kakulangan sa badyet ng ating pamahalaan, sinabi ni Kalihim Benjamin Diokno ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala (*Department of Budget and Management*) na sisikapin ng Sangguniang Tagapag-ugnay sa Kaunlarang Pambadyet (Development Budget Coordinating Council) na bawasan ang kakulangan sa badyet ng ating pamahalaan habang pinapakiusapan ang IMF na itaas ang hangganang itinakda nito.

Sinabi naman ni Kalihim Jose Pardo ng Kagawaran ng Pananalapi (*Department of Finance*) na inaasahan ng ating pamahalaan na mabawasan ang kakulangan nito sa badyet sa pagtatapos ng taong ito.

Idinagdag pa niya na bibilisan ng ating pamahalaan ang pagsasapribado upang makalikom ito ng karagdagang rentas internas.

Inaasahan aniya ng pamahalaan na maibenta ang 30% sapi (share) nito sa Pambansang Bangko ng Pilipinas (*Philippine National Bank* o PNB). Malaki ang malilikom sa pagsasapribado nito.

(Pinagkunan: Philippine Daily Inquirer, 14 Oktubre 2000)



## Subukan Natin Ito

Sagutin mo ang sumusunod na tanong.

1. Tungkol saan ang lathalang ito?

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

2. Bakit balak ipinagpaliban ng IMF ang pagpapautang ng US$314 milyon?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

3. Ano ang kaugnayan ng kakulangan sa badyet at pangungutang sa IMF?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________


4. Ano kaya ang mangyayari sa ating bansa kung hindi ituloy ang balak na ipagliban ang pagpapautang US$314 milyon?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

Natapos mo na bang sagutin ang mga tanong? Kung gayon, tingnan ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 58–59.



## Alamin Natin

Gaya ng nabanggit kanina, ang IMF ay nagpapautang sa mga kasaping kinakapos. Gayumpaman, ito ay nagpapautang lamang kung handang magsagawa ng mga repormang pang-ekonomiya ang nasabing kasapi.

Ang pagsasapribado, deregulasyon, liberalisasyon ng kalakalan, pangongolekta ng karagdagang rentas internas, at pagtitipid sa gugol ay mga halimbawa ng mga repormang nabanggit. Marami ka ng matututuhan tungkol sa mga ito sa Pangatlong Aralin.

Lahat ng mga repormang ito ay isinasagawa ng ating pamahalaan upang mapalaki ang kinokolekta nitong rentas internas at mabawasan ang kakulangan sa badyet.

Itinatagubilin ng IMF ang pagsasagawa ng mga repormang pang-ekonomiya upang maging matatag ang ating ekonomiya. Ang kakayahan ng ating pamahalaan na isagawa ang mga repormang ito ang nagbibigay ng kasiguruhan sa IMF na makakabayad ng utang ang ating pamahalaan.

Samantala, ang kakulangan sa badyet na itinakda ng ating pamahalaan ay hindi dapat lalampas sa kakulangan sa badyet na itinakda ng IMF. Ang kakulangan sa badyet na itinakda ng IMF ay tinatawag na **hangganan ng kakulangan sa badyet** (*budget ceiling*).

Ayon sa lathalaing iyong nabasa, ano ang mangyayari sa mga utang na hinihingi ng ating pamahalaan kung ang kakulangan sa badyet na itinakda ng ating pamahalaan ay lampas sa hangganan ng kakulangan sa badyet na itinakda ng IMF?

Kung lampas ito sa hangganan ng kakulangan sa badyet na itinakda ng IMF, maaaring hindi nito ibigay ang mga utang na hinihingi ng ating pamahalaan.

Ayon sa lathalaing iyong nabasa, lumalaki ang kakulangan sa badyet ng ating pamahalaan, at ito ay lampas na sa hangganan ng kakulangan sa badyet na itinakda ng IMF (₱62.5 milyon). Dahil dito, maaaring hindi makuha ng ating pamahalaan ang iba pang utang na hinihingi nito sa IMF.

Napakahalaga para sa ating pamahalaan ang utang na hinihingi nito sa IMF dahil ito ang gagamitin para matugunan ang mga pangangailangan ng ating bansa. Malaking halaga talaga ang inuutang natin - US$314 milyon - at marami itong mapopondohang mga proyektong pangkaunlaran.


## Basahin Natin Ito

Alam mo ba kung sino ang nagbigay ng pondo para sa Proyekto para sa Kagamitan sa akreditasyon ng Edukasyong Di-pormal at sa pagkatuto ng panumbas (*NFE A & E Project*)? Ang modyul na ito na iyong pinag-aaralan ay bahagi ng proyektong ito.

Pinopondohan ang proyektong ito ng ADB.

Mayroon ka na bang narining tungkol sa ADB?  Alam mo ba ang papel na ginagampanan nito at paano ito naiiba sa World Bank at IMF?

Malalaman mo ang mga sagot habang pinag-aaralan mo ang sumusunod na paliwanag.



Itinatag ang ADB noong 1966. Gaya ng World Bank at IMF, ang ADB ay isang kooperatiba. Walang iisang bansa ang nagmamay-ari nito. Limampu't siyam ang mga bansang kasapi nito, at karamihan sa mga ito ay matatagpuan sa Asya at Pasipiko. Ang punong tanggapan nito ay matatagpuan sa ating bansa - sa Mandaluyong, katabi ng SM Megamall sa EDSA.

Nagbibigay ng tulong pinansiyal at tulong teknikal ang ADB sa mga bansang kasapi nito na kinakapos. Noon 1999, ito ay nagpautang ng US$5 bilyon.

Ang ating pamahalaan ay isa sa mga pinakamalaking kliyente ng ADB. Ang kabuuang utang ng ating pamahalaan mula pa noong 1968 ay umabot na ng US$7.5 bilyon. Pumapangalawa ang ADB sa mga banyagang institusyong pinagkakautangan ng ating pamahalaan.

Isa sa mga proyekto ng ating pamahalaan na pinopondohan ng ADB ay ang *Proyekto Para sa Malinis na Hangin* (*Clean Air Project*). Nilalayon ng proyektong ito na bawasan ang polusyon sa hangin dito sa Maynila na itinuturing na isa sa limang pinakamaruming lungsod sa buong mundo.

Ang isa pang proyekto ng ating pamahalaan na pinopondohan ng ADB ay ang pagbibigay ng tulong pinansiyal at teknikal sa *Pangasiwaan ng Pagpapaunlad sa mga Kasanayan at Edukasyong Teknikal* (*Technical Education and Skills Development Authority* o *TESDA*). Ang TESDA ay isang ahensiya ng ating pamahalaan na itinatag noong 1994 upang mapataas ang kalidad ng edukasyong bokasyonal dito sa ating bansa.

Alamin nating maigi ang isa pang proyekto ng ating pamahalaan na pinopondohan ng ADB.

**20 July 2000**

## Rehabilitasyon ng Ilog Pasig

Sa tulong ng US$176 milyong pautang ng ADB, mauumpisahan na ang rehabilitasyon ng Ilog Pasig. Nilalayon ng proyektong ito na nagkakahalaga ng US$750 milyon na ibalik sa dati nitong malinis na anyo ang Ilog Pasig sa pagsapit ng taong 2014.

Sa pagsasagawa ng proyektong ito sa unang limang taon (taong 2000-2004), tutulungan ang ating pamahalaan ng Programa sa Pamamahalang Pangkapaligiran at Pagpapaunlad ng Sektor sa Rehabilitasyon ng Ilog Pasig (*Pasig River Environmental Management and Rehabilitation Sector Development*).

Ang Ilog Pasig ay may kahalagahang panlipunan, pangkultura, at pangkalakalan. Ngunit ginawa itong tapunan ng basura ng mga pabrika at mga taong nakatira sa paligid nito.

Upang maibalik ito sa dati, kinakailangang linisin ang kabuuan nito, ibalik ang dating mataas na kalidad ng tubig nito, supilin ang pagtatapon ng basura rito, at magtaguyod ng pagpapanibagong lungsod (*urban renewal*) sa baybay ng pampang nito.

*Asian Development Outlook, 2000*
(www.adb.org)



## Subukan Natin Ito

1. Tungkol saan ang lathalaing ito?

   ___________________________________________

   ___________________________________________

2. Sa tingin mo ba ay mahalaga ang rehabilitasyon ng Ilog Pasig? Bakit?

   ___________________________________________

   ___________________________________________

3. Magkano aabutin sa dolyar at sa piso ang rehabilitasyon ng Ilog Pasig kung ipagpapalagay natin na US$1 = ₱48? Sino ang maglalaan ng pondo para sa proyektong ito?

   ___________________________________________

   ___________________________________________

Natapos mo na bang sagutin ang mga tanong? Kung gayon, tingnan ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 59.



## Pag-isipan Natin Ito

Sumasang-ayon ka ba sa balak ng ating pamahalaan na mangutang ng US$176 milyon para sa rehabilitasyon ng Ilog Pasig? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.

___________________________________________

___________________________________________

___________________________________________

Ihambing mo ang iyong sagot sa sumusunod:

*Sang-ayon.* Sang-ayon ako dahil ang Ilog Pasig ay makasaysayan at may kahalagahang panlipunan, pangkultura, at pangkalakalan. Binanggit pa nga ito ni Dr. Jose Rizal sa kanyang nobelang pinamagatang "El Filibusterismo."

Maraming taon na ang nagdaan, at ngayon, hindi na tayo maaaring maligo sa Ilog Pasig. Ginawa itong tapunan ng basura ng mga pabrika at mga taong nakatira sa paligid nito. Upang maibalik ito sa dati nitong kalagayan, kinakailangan itong pagkagastahan ng ating pamahalaan. Ngunit kinakapos ang ating pamahalaan. Kaya nga't mangungutang na lamang ito para sa rehabilitasyon ng Ilog Pasig.

*Tutol.* Tutol ako dahil mas maraming mahahalagang pangangailangan ang ating bansa na mas nararapat bigyan ng pansin at matugunan. Dapat ay maingat tayo sa pangungutang. Bagama't mahalaga ang rehabilitasyon ng Ilog Pasig, ang kahalagahan nito ay hindi sapat para ituring itong isa sa mga pangunahing pangangailangan ng ating bansa.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Mayroon ka na bang narinig tungkol sa Plantang Nukleyar sa Bataan? Ano ang unang-unang naiisip mo kapag nakakarinig ka tungkol dito?

_______________________________________________

Ang isyu tungkol sa plantang ito ay naging sanhi ng galit ng maraming Pilipino. Sa tingin nila, naging iresponsable ang ating pamahalaan sa pangungutang para maipatayo ang plantang ito na hindi naman napapakinabangan. Ang buwis na kanilang ibinabayad sa ating pamahalaan ay napupunta lamang sa pagbabayad ng utang na hindi nagamit nang tama.

Ihambing natin ang sumusunod na halaw tungkol sa plantang nasabi. Magkasalungat na pananaw ang ipinahahayag ng mga halaw.

### Ang Plantang Nukleyar sa Bataan

Unang halaw: **Tutol**

Humiram ang ating pamahalaan ng US$2.3 bilyon mula sa limang bangko ng Britanya para maipatayo ang Plantang Nukleyar sa Bataan. Ngunit ang plantang ito na itinatag sa isang *earthquake fault* (bitak sa lupa na sanhi ng lindol) ay hindi pa nakalilikha kahit isang watt ng kuryente mula nang ito ay itayo.

Inumpisan itong itayo noong 1975 at natapos lamang ito noong kalagitnaan na ng dekada ’80. Ang plantang ito ay idineklarang depektibo at lubhang mapanganib ng isang grupo ng mga pandaigdigang inspektor na tumingin dito matapos matanggal sa puwesto si dating Pangulong Ferdinand Marcos noong 1986. Mula noon, ang ating pamahalaan ay nakabayad na ng US$1.2 bilyon o US$100,000 bawat araw sa utang na ginamit sa pagpapatayo ng plantang ito.

Pangalawang halaw: **Sang-ayon**

Ang enerhiyang nukleyar ay mura at maaaring papanumbalikin (*renewable*). Sa paggamit nito, hindi na kailangang umasa pa nang lubusan ang ating bansa sa langis na inangkat mula sa ibayong dagat.

Walang-panganib ang Plantang Nukleyar sa Bataan. Ito ay ligtas sa anumang panganib na maaaring idulot ng Mt. Natib, ang bulkang kalapit, kung ito man ay pumutok. Nakapuwesto ang plantang ito sa isang mataas na lugar na hindi maaabot ng daluyong na may taas na 16 metro (Ito ang sukat ng pinakamataas na daluyong na sumalpok sa Bataan). Bukod dito, ang plantang ito ay napapaligiran ng malalalim na lambak.



## Subukan Natin Ito

Sagutin mo ang sumusunod na tanong.

1. Magkano ang inutang ng ating pamahalaan para maipatayo ang Plantang Nukleyar sa Bataan?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

2. Magkano na ang naibayad ng ating pamahalaan sa utang na ginamit nito sa pagpapatayo ng Planta?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

3. Bakit hindi ginagamit ang Planta?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

4. Kung paaandarin ang planta, anong kabutihan kaya ang maaari nitong idulot?

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________


5. Ngayong nabasa mo na ang dalawang halaw, masasabi mo ba kung tutol o sang-ayon ka sa ginawang pangungutang ng ating pamahalaan para maipatayo ang Planta? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.

   ____________________________________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

Pagkatapos sagutin ang mga tanong, tingnan ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 59–60.



## Pag-aralan Natin Ito

Hindi sa lahat ng pagkakataon ay masasabi nating iresponsable ang ginagawang pangungutang ng ating pamahalaan para mapondohan ang mga proyektong pangkaunlaran nito. Hindi sa lahat ng pagkakataon ay nagiging sanhi ito ng pagkaligalig gaya sa kaso ng Plantang Nukleyar sa Bataan.

Mahalagang papel na ang nagampanan ng mga utang panlabas. Dahil sa mga ito, nakayanan ng ating pamahalaan na matugunan ang mga pangangailangan ng ating bansa. Kung hindi dahil sa mga ito, maraming mga proyektong pangkaunlaran ang hindi naisagawa at serbisyong panlipunan ang hindi naibigay. Isipin mo na lamang ang malaking kawalan ng ating bansa kung hindi natutugunan ang mga pangangailangang ito sa pamamagitan ng pangungutang.

Maituturing nating masuwerte tayo dahil nakakautang tayo sa World Bank, ADB, at IMF tuwing oras ng ating pangangailangan. Alalahanin lamang natin na kung hindi sa utang panlabas na ibinibigay ng mga ito, hindi matutugunan ng ating pamahalaan ang mga pangangailangan ng ating bansa. Hindi, halimbawa, maipapatayo ang *EDSA Metro Rail Transit System* at maisasagawa ang *NFE A & E Project* (na iyong pinakikinabangan).

Bagama't mahalaga ang mga utang panlabas, dapat nating alalahanin na kailangang maging responsable ang pamahalaan sa pangungutang sa mga ito. Sa pangungutang ng mga ito, dapat isaisip ng matataas na opisyal ng ating pamahalaan ang kapakanan natin at ng mga susunod na henerasyon. Matatandaang ang kaso ng Plantang Nukleyar sa Bataan ay isang halimbawa ng iresponsableng pangungutang ng utang panlabas.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Paano nakakatulong ang ating utang panlabas sa ating ekonomiya?

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

B. Paano nakikilahok ang World Bank, ADB, at IMF sa pagpupunyagi ng ating pamahalaan upang mapaunlad ang ating bansa?

a. World Bank

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

b. ADB

______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________

c. IMF

______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________

Pagkatapos sagutin ang pagsusulit, tingnan ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 60–61.



## Tandaan Natin

- Maligayang bati! Ito ang dulo ng Pangalawang Aralin. Bago ka magpatuloy sa susunod na aralin, balik-aralan muna natin kung ano ang iyong mga natutuhan.
- Maraming mga pinansiyal na institusyong pangdaigdig ang binuo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga bansang kinakapos, lalo na ang mga bansang maralita at papaunlad pa lamang. Ang iba sa mga institusyong ito ay nagbibigay ng tulong pinansiyal at tulong teknikal sa mga bansang nangangailangan sa mga ito. Nabibilang sa mga institusyong ito ang World Bank, IMF, at ADB.
- Tumutulong ang World Bank upang maisakatuparan ang mga proyektong pangkaunlaran ng ating pamahalaan. Nagbibigay ito ng tulong pinansiyal at tulong teknikal upang maiahon tayo sa kahirapan.
- Ang IMF ay nagpapautang sa mga kasaping kinakapos upang kanila itong magamit sa pagsasakatuparan ng kanilang mga proyektong pangkaunlaran. At bilang tagapangasiwa ng sistema ng pagpapalitan ng mga pera ng mga bansang kasapi nito, ang IMF ay nagpapatupad ng kanilang pakikipagtulungang pampananalapi.
- Nilalayon ng ADB na tulungan ang mga pamahalaan ng mga bansa sa Asya na iahon sa kahirapan ang kanilang mga mamamayan. Nagbibigay ang ADB ng tulong pinansiyal at tulong teknikal para maisagawa ng mga pamahalaang tinutulungan nito ang kanilang mga proyektong pangkaunlaran.

# Ang Konsekuwensiya ng Pagkakaroon ng Utang-Panlabas

Nakahiram ka na ba ng pera, aklat, o anumang bagay mula sa iba gaya, halimbawa, sa iyong kaibigan o ng isa sa mga miyembro ng iyong pamilya?

Natutuhan mo sa nagdaang aralin na ang ating pamahalaan ay nangungutang sa mga banyagang institusyon para maisagawa ang mga proyektong pangkaunlaran na pakikinabangan natin at ng ating bayan.

Sa araling ito, matututuhan mo kung ano ang konsekuwensiya ng pagkakaroon natin ng utang panlabas ng lingkurang pautang (*debt service*) sa ating buhay at sa ating bayan. Ang araling ito ay magpopokus hindi lamang sa mga pinsalang dulot ng pagkakaroon ng napakalaking utang panlabas kundi pati na rin sa mabigat na responsibilidad ng pagbabayad ng mga ito.

Pagkatapos pag-aralan ang araling ito, dapat ay makakayanan mong:

- talakayin ang mga pamamaraang ginagamit ng ating pamahalaan para mabayaran ang ating utang panlabas;
- ipaliwanag ang epekto ng lingkurang pautang sa badyet ng ating pamahalaan; at
- talakayin ang pangangailangan sa masusing pagpaplano ng mga proyektong pangkaunlaran bago mangutang ng pondo para sa mga ito.



## Pag-isipan Natin Ito

Natatandaan mo pa ba ang halimbawang sagot sa tanong tungkol sa balak ng ating pamahalaan na mangutang ng US$176 milyon para sa rehabilitasyon ng Ilog Pasig? Isa sa mga paliwanag na ibinigay ng panig ng mga tutol ay ang kahalagahan ng responsableng pangungutang. Ang paliwanag na ito ay lubhang napakahalaga.

Isang maliwanag na halimbawa kung bakit kailangang magsagawa ng masusing pagpaplano ay ang isyu tungkol sa Plantang Nukleyar sa Bataan. Maraming mga taong tumutol dito ang nagsasabing ang pagpapatayo sa plantang ito ay isang malaking pagkakamali.

Bakit mahalaga ang responsableng pangungutang?


_______________________________________________


_______________________________________________

Mahalagang maging responsable sa pangungutang sapagkat lahat ng utang ay dapat bayaran. Responsibilidad ng sinuman na ibalik kung ano man ang hiniram. Kaya't kung ang isang tao o bansa ay kailangang mangutang, kailangang siguruhin na ang inuutang ay kayang bayaran.

## Basahin Natin Ito

Paano binabayaran ng ating pamahalaan ang ating utang panlabas? Basahin ang sumusunod na pag-uusap para malaman mo kung paano.





## Subukan Natin Ito

Sagutin mo ang sumusunod na tanong.

1. Ano ang nangyari kay Lucio pagkatapos niyang mangutang sa iba?

    ______________________________________________

    ______________________________________________

2. Kung ikaw ang nasa kalagayan nina Lucio at Nena, paano mo babayaran ang iyong mga utang? Isulat ang iyong sagot sa talaan.

| Lucio at Nena | Ang ating pamahalaan |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

3. Kung ikaw naman ang Pangulo ng Pilipinas, paano mo babayaran ang utang panlabas ng ating bansa? Isulat ang iyong sagot sa talaan.

Pagkatapos mong sagutin ang mga tanong, tingnan ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 61–62.



## Pag-isipan Natin Ito

Sa Aralin 2, natutuhan mo na para makautang ang ating pamahalaan sa mga banyagang institusyon, dapat nitong ipakita ang kakayahan nitong makapagbayad, 'di ba?

Ang pagkakaroon ng isang matatag na ekonomiya ay isang indikasyon ng kakayahang makapagbayad ng isang pamahalaan. Nagrerekomenda ang IMF ng mga hakbang para maisaayos ang ating ekonomiya. Ang mga rekomendasyong ito ay nagsisilbing mga kondisyon bago magpautang ang IMF sa ating pamahalaan.

Matatandaan mo pa ba ang mga kondisyon ng IMF bago ito magpautang sa ating pamahalaan? Kung gayon, isulat mo ang mga ito.

______________________________________________

______________________________________________

Tama ka kung ang isinagot mo ay pagsasapribado, deregulasyon, liberalisasyon ng kalakalan, pangongolekta ng karagdagang rentas internas, at pagtitipid sa gugol. Ang ibig sabihin nito ay mahusay ang iyong memorya.




## Subukan Natin Ito

Sagutin mo ang sumusunod na pagsasanay gamit ang mga sagot sa loob ng kahon. Buuhin mo ang mga pangungusap:

| | |
|---|---|
| Pagsasapribado | Deregulasyon |
| Buwis | Mabawasan |
| Rentas internas | Kalakalan |


1. Ang ____________________ ay ang pagbebenta ng mga ari-arian ng ating pamahalaan sa pribadong sektor.
2. Dahil sa ___________________, ang PLDT ay may kakompetensiya na ngayon sa industriya ng telekomunikasyon gaya ng BAYANTEL at PILTEL.
3. Dapat bigyan ng priyoridad ng ating pamahalaan ang mga pangangailangan ng ating bayan para ____________ ang gastos nito.
4. Ang pagbubukas ng ating ekonomiya sa mundo ay tinatawag na liberalisasyon ng ______________.
5. Upang mapalaki ang pondo ng ating pamahalaan, dapat makalikom ito ng karagdagang __________.
6. Nilalayon ng mga rekomendasyon ng IMF na tulungan ang mga bansang kasapi na gawing mahusay ang pangongolekta nila ng ________________.

Natapos mo na bang sagutin ang mga pagsasanay? Kung gayon, tingnan ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 62.




## Alamin Natin

- ***Liberalisasyon ng kalakalan.*** Ito ang pagbubukas ng ating ekonomiya sa pandaigdigang kalakalanan. Sa pagbubukas ng ating ekonomiya, dapat tayong magpakadalubhasa sa mga kalakal at serbisyo kung saan tayo bihasang-bihasa. Halimbawa, tayo ay umaangkat ng bigas mula sa Vietnam dahil ito ay bihasang-bihasa sa pag-aani ng bigas na mura at mataas ang kalidad.



♦ ***Pagsasapribado.*** Ito ay ang pagbebenta ng mga ari-arian ng ating pamahalaan gaya ng Pambansang Pangasiwaan ng Tubig at Alkantarilya (*Metropolitan Waterworks and Sewerage System* o MWSS) sa pribadong sektor. Ang MWSS ay pagmamay-ari na ngayon ng Pamilya Lopez na nangangasiwa sa *Maynilad Waterworks* at ng Pamilya Ayala na nangangasiwa sa *Manila Water Corporation*.




Anong kapakinabangan ang makakamtan sa pagsasapribado?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Sa pagsasapribado, nakakalikom ang ating pamahalaan ng karagdagang rentas internas at nababawasan nito ang mga gastos nito. Sa pagbebenta nito, halimbawa, sa 45% sapi nito sa Korporasyon sa Abonong Phosphate ng Pilipinas (*Philippine Phosphate Fertilizer Corporation* o Philphos) at sa 80% sapi nito sa Pambansang Korporasyong Pangkonstruksiyon ng Pilipinas (*Philippine National Construction Corporation* o PNCC). Sa pagsasapribado ng dalawang korporasyong ito, inaasahang makakalikom ang ating pamahalaan ng hindi kukulangin sa ₱10 bilyon. Bukod dito, hindi na aakuin pa ng ating pamahalaan ang pagbabayad ng mga utang ng mga ito. Tinatayang ang utang ng Philphos ay umabot na ng ₱42 bilyon samantalang ang utang ng PNCC ay umabot na ng ₱32 bilyon.

♦ ***Deregulasyon.*** Ito ang pagbibitaw ng ating pamahalaan sa pangangasiwa sa isang industriyang nagbibigay ng mga palingkurang bayan. Kapag isinasagawa ito, nagtatanggal ang ating pamahalaan ng kontrol sa presyo (*price control*) sa industriya para mapayabong nang husto ang kompetisyon nito.



Ang kabaligtaran nito - ang regulasyon - ay ang pangangasiwa ng ating pamahalaan ng isang industriyang nagbibigay ng mga palingkurang bayan. Sa ilalim ng iskemang (*scheme*) ito, ang ating pamahalaan ay nagpapataw ng kontrol sa presyo sa industriya upang makayanang bayaran ng publiko ang ibinibigay nitong palingkurang bayan.

Anong kapakinabangan ang makakamtan sa deregulasyon?


___________________________________________________________________

___________________________________________________________________

Pinaniniwalaan na ang pagyabong ng kompetisyon sa industriya na dulot ng deregulasyon ay magiging kapaki-pakinabang sa publiko. Dahil sa pagyabong ng kompetisyon, bababa ang presyo at tataas ang kalidad ng palingkurang bayang ibinibigay ng industriya. Lubhang ikatutuwa ito ng publiko kapag ganito nga ang mangyayari. Tingnan mo na lamang ang ginawa ng ating pamahalaan sa industriya ng telekomunikasyon. Dati-rati, ang *Philippine Long Distance Telephone Co.* (PLDT) ang naghahari sa industriyang ito. Dahil sa benepisyong tinatanggap nito noon, naging monopolyo ito na nagbibigay ng di kasiya-siyang serbisyo. Ngayon, sa ilalim ng rehimen ng deregulasyon, may kompetisyon na ang PLDT gaya ng BAYANTEL at PILTEL. Ang kompetisyong ito ang nagtutulak sa PLDT na pagbutihan ang pagbibigay nito nang mahusay at murang serbisyo.

May mga nagsasabing sa ilalim ng rehimen ng deregulasyon, tinatalikuran ng ating pamahalaan ang responsibilidad nitong protektahan ang publiko laban sa matataas na presyong ipapataw sa kanila ng industriya. Sa kabilang dako naman, may mga nagsasabing isinasaisip nga ng ating pamahalaan ang kapakanan ng publiko kaya nga't ito ay nagsasagawa ng deregulasyon. Dahil sa pagyabong ng kompetisyong dulot nito, bababa ang presyo at tataas ang kalidad ng palingkurang bayang ibinibigay ng industriya.

Maging ang ating pamahalaan ay makikinabang din sa deregulasyon. Dahil sa pagyabong ng kompetisyon - na makikitaan ng pagdami ng lumalahok na mga bahay-kalakal sa industriya - makakalikom ang ating pamahalaan ng karagdagang rentas internas.



- **Pangongolekta ng karagdagang rentas internas.** Sa pangongolekta nito, lalaki ang pondo ng ating pamahalaan. Ang pangongolekta ng VAT ay isang halimbawa. Ito ay binabayaran natin tuwing namimili tayo o kumakain sa labas.
- **Pagtitipid sa gugol.** Ang ibig sabihin ay ang pagbibigay ng priyoridad ng ating pamahalaan sa mga pangangailangan ng ating bayan para mabawasan ang gastos nito. Kung magulo ang ating bayan, maaaring bawasan ng ating pamahalaan, halimbawa, ang laang-gugulin nito para sa edukasyon para madagdagan ang laang-gugulin nito para sa kapayapaan at katahimikan.



## Magbalik-aral Tayo

Sa iyong palagay, anu-ano ang mga rekomendasyon ng IMF? Paano nakakatulong ang mga ito sa ating pamahalaan sa pagbabayad ng utang panlabas?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

Pagkatapos mong sagutin ang tanong, basahin mo ang paliwanag sa susunod na bahagi ng aralin ito.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito

Nilalayon ng mga rekomendasyon ng mga banyagang institusyon, lalung-lalo na ang IMF, na tulungan ang ating pamahalaan na makalikom ng karagdagang rentas internas at maisaayos ang ating ekonomiya. Inaasahang sa tulong ng mga institusyong ito, mababawasan ang kahirapan sa ating bayan at makakapagbayad ang ating pamahalaan ng utang panlabas. Kung pag-iisipan lamang ito, sino naman kaya ang magpapautang sa isang nangungutang na wala namang kakayahang magbayad?

Ang tulong ng mga institusyong nabanggit ay mawawalan ng saysay kung ang ating pamahalaan ay nababahiran ng katiwalian. Kung gayon, makalikom man ng karagdagang rentas internas ang ating pamahalaan sa pamamagitan ng pagsasapribado, hindi naman ito mapupunta sa mga proyektong pangkaunlaran kung may katiwalian.

Dapat responsable ang paglaan ng nalilikom na karagdagang rentas internas. Dapat itong gamitin sa pagtugon sa mga pangangailangan ng ating bayan at sa pagbabayad sa utang panlabas ng ating pamahalaan.

## Basahin Natin Ito

Ang sumusunod ay hango sa isang artikulo sa isang magasin na tumatalakay sa pagkakabaon sa utang ng mga bansang mahihirap. Pagkatapos mo itong basahin, sagutin ang sumusunod na tanong.




- Sa Mozambique, tatlong tao lamang sa sampung katao ang nakakakuha ng serbisyong medikal, 60% ng kabuuang bilang ng mga mamamayang nasa mayor de-edad ay mangmang (hindi marunong bumasa't sumulat), at 130 sanggol sa 1,000 sanggol na isinilang nang buhay ang namamatay. Ngunit halos 1/5 ng kita ng Mozambique sa pagluluwas ng kalakal ang napupunta sa pagbabayad ng utang panlabas.
- Sa Bangladesh, isang bata sa sampu na may edad na bababa sa 5 taong gulang ang namamatay; wala sa kalahati ng buong populasyon ang nabibiyayaan ng serbisyong pangkalinisan. Ngunit higit pa sa 10% ng rentas internas ng Bangladesh ang napupunta sa pagbabayad ng utang panlabas. Noong taong 1996, US$1.12 ang ibinayad ng Bangladesh sa bawat US$1.00 na inutang nito.
- Sa Tanzania, tinatayang kulang pa sa US$2.00 bawat araw ang ikinabubuhay ng halos kalahati ng populasyon, 67% lamang ng mga bata ang nakakatuntong sa mababang paaralan, at tinatantiyang may 800 katao sa bawat 1,000 katao ang nagkakasakit ng malaria. Ngunit halos 13% ng kinikita ng Tanzania sa pagluluwas ng kalakal ang napupunta sa pagbabayad ng utang panlabas.
- Sa Guyana, 60 sanggol sa 1,000 sanggol na isinilang nang buhay ang namamatay, hindi lalampas sa 250 ang bilang ng mga doktor sa buong bansa. Samantalang hindi aabot sa 15% ng badyet ng Guyana ang inilalaan sa mga serbisyong panlipunan (gaya ng kalusugan at edukasyon), 45% naman ng badyet ang napupunta sa pagbabayad ng utang panlabas.

*Pinagkunan: Lutheran World Foundation*



## Subukan Natin Ito

1. Sa palagay mo ba isinakripisyo ng mga bansang inilarawan ang kanilang ibinibigay na serbisyong panlipunan upang mabayaran nila ang kanilang mga utang panlabas? Ipaliwanag mo ang iyong sagot.

   ___________________________________________________________________

   ___________________________________________________________________

   ___________________________________________________________________

2. Sa palagay mo, bakit ginawa ito ng mga pamahalaan ng mga bansang ito?

   ___________________________________________________________________

   ___________________________________________________________________

   ___________________________________________________________________

3. Sa palagay mo ba ay lalong mapapasama ang kalagayan ng mga bansang ito kung hindi nangutang ang kanilang mga pamahalaan para matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga mamamayan?

   ___________________________________________________________________

   ___________________________________________________________________

   ___________________________________________________________________


Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 62–63. Maaari mo ring kausapin ang iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, ang mga miyembro ng iyong pamilya, ang iyong mga kaibigan, o kapwa mag-aaral tungkol sa iyong mga sagot. Tutol o sang-ayon ba sila sa mga sagot mo? Bakit o bakit hindi?

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________

_____________________________________________________________________________



## Alamin Natin

### Ang Pagbibigay-Priyoridad sa Lingkurang Pautang: Tama o Mali?

Upang mabigyan ng kasiguruhan ang mga banyagang institusyon na sila ay mababayaran, ang lahat ay ginagawa ng ating pamahalaan upang makapagbayad ng ating utang panlabas. Isa na rito ang pagpapatupad sa Batas sa Automatikong Laang-gugulin (*Automatic Appropriations Law*).

Ayon sa Seksiyon 26 ng Ikaanim na Aklat ng Binagong Kodigong Pampangasiwaan (*Revised Administrative Code*) ng 1987, isinasaad ng batas na ito ang sumusunod: *". . . Lahat ng gugulin para sa pagbabayad ng utang panlabas ng ating pamahalaan pati na ang interes ng mga ito ay automatikong paglalaanan; sa kondisyong hindi maaaring gamitin o ibayad ang pondong nailaan na maliban lamang kung ang mga ito ay nailaan sa iba pang regular na gugulin. . ."*

Binibigyan ng batas na ito ang ating pamahalaan ng kapangyarihan na bigyan ng priyoridad ang lingkurang pautang. Ipinapatupad ng ating pamahalaan - sa ilalim ng kasalukuyan at ng mga nakaraang administrasyon - ang batas na ito sa kapinsalaan ng serbisyong panlipunan gaya ng kalusugan at edukasyon.

Noong dekada '80, 40% ng ating taunang badyet ang napunta sa laang-gugulin. Noon 1999 naman, 20% ng ating badyet ang napunta sa laang-gugulin. Kung ang taunang badyet natin ay ₱650 bilyon, ₱130 bilyon nito ay ipinambabayad ng ating pamahalaan sa ating utang panlabas.

Mahalaga ring tandaan na ang ating pamahalaan ay nangungutang para makabayad ng mga naunang utang panlabas. Ang administrasyon ni dating Pangulong Ramos, halimbawa, ay nangutang ng ₱103 bilyon noong 1997 para lamang makapagbayad ng mga naunang utang panlabas. Tila yata walang balak ang ating pamahalaan na tumigil sa pagbabayad ng utang panlabas.

Bukod sa pagbabawas ng laang-gugulin para sa mga serbisyong panlipunan at bukod sa pangungutang, ang ating pamahalaan ay nangongolekta ng karagdagang rentas internas at nagsasagawa ng pagsasapribado upang makapagbayad ng ating utang panlabas.

Ano sa palagay mo ang mangyayari kung hindi bibigyan ng ating pamahalaan ng priyoridad ang lingkurang pautang?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Natapos mo na bang sagutin ang tanong? Kung gayon, tingnan mo ang sumusunod na listahan ng maaaring isagot sa tanong na ito. Malay mo, makakita ka ng sagot na katulad ng sa iyo.

Kung hindi bibigyan ng ating pamahalaan ng priyoridad ang lingkurang pautang …

***Mga bentahe:***

♦ Mas malaki ang pondo nito para sa mga serbisyong panlipunan gaya ng kalusugan at edukasyon

♦ May pondo itong magagamit, halimbawa, para sa proyektong pangkabuhayan ng mga maralitang taga-lungsod at para sa patubig ng mga lupang pansakahan


***Mga disbentahe:***

♦ Magdadalawang-isip ang mga banyagang institusyon bago magpautang ulit sa atin. Malaki ang posibilidad na hindi na sila magpapautang at kapag nagkaganoon, maraming mga proyektong pangkaunlaran natin ang hindi maisasagawa

♦ Ang lumalaking interes ng ating utang panlabas ay lalong magpapabaon sa atin sa utang



## Magbalik-aral Tayo




Narinig mo na ba ang terminong **bitag ng pagkakautang** (*debt trap*)? Kung gayon, ano ang ibig sabihin nito?

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Ang bitag ng pagkakautang ay ginagamit para ilarawan ang kalagayan ng mga bansang maralita na nahihirapang magbayad o hindi makapagbayad ng kanilang mga utang panlabas. Ang tanging lunas nila sa kanilang kalagayan ay ang walang-humpay na pangungutang na lalong nagpapabaon sa kanila sa utang.

Sa palagay mo ba nahulog na ang ating bayan sa bitag ng pagkakautang?
___ Oo ___Hindi

1. Kung Oo ang sagot mo, ano sa palagay mo ang dapat gawin ng ating pamahalaan upang mapalaya ang ating bayan mula sa bitag ng pagkakautang?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________


_______________________________________________________________

2. Kung Hindi ang sagot mo, ipaliwanag mo kung bakit.

_______________________________________________

_______________________________________________

Pagkatapos mong sagutin ang mga tanong na ito, tingnan ang mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 63.



## Alamin Natin

Kung responsableng mangutang ang ating pamahalaan para maisagawa ang mga proyektong pangkaunlaran nito, hindi ito mahuhulog sa bitag ng pagkakautang. Dapat intindihin ng ating pamahalaan ang mga nakaraan nitong pagkakamali gaya ng ginawa nitong pangungutang para maipatayo ang Plantang Nukleyar sa Bataan. Dapat isaisip nito ang kapakanan natin tuwing nagbabalak itong mangutang. Heto ang ilang mga tanong panggabay na dapat isaalang-alang sa ganitong mga pagkakataon:

- Mapapakinabangan ba ng mga mamamayan ang proyekto?
- Ligtas ba ang proyekto? Ligtas ba ang lugar kung saan ito itatayo?
- Hindi ba ito makakasira sa ating kapaligiran?
- Maaasahan ba ang mga opisyal ng ating pamahalaan na maging responsable sa pangungutang para maisagawa ang proyektong ito?
- Magbibigay ba ng karagdagang rentas internas ang proyektong ito sa hinaharap?

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

A. Isulat ang **T** kung ang pangungusap ay tama at **M** kung ito ay mali. Kung ang pangungusap ay mali, ayusin ito upang maging tama.

1. Maraming mga bansang maralita ang nahulog sa bitag ng pagkakautang dahil hindi sila makapagbayad ng kanilang mga utang panlabas.

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Hindi tayo dapat mabahala sa utang panlabas ng ating pamahalaan. Wala namang kinalaman ito sa ating buhay.

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Ang ating bayan ay yumayaman dahil sa utang panlabas.

____________________________________________________

____________________________________________________

4. Dapat gumawa ng paraan ang ating pamahalaan upang makalikom ito ng karagdagang rentas internas na maipambabayad sa ating utang panlabas.

____________________________________________________

____________________________________________________

5. Kapag nangutang ka ng pambayad sa utang, wala ka nang utang.

____________________________________________________

____________________________________________________

B. Sagutin mo ang sumusunod na tanong. Isulat mo ang iyong mga sagot sa patlang.

1. Paano nakakaapekto sa ating utang panlabas ang mga rekomendasyon ng IMF? Nakakatulong ba ang mga ito upang makapagbayad tayo ng ating utang panlabas?

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

2. Ano ang mangyayari kung hindi natin mababayaran ang ating utang panlabas?

____________________________________________________

____________________________________________________

____________________________________________________

Ihambing ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 63–64.

## Tandaan Natin

- Ang **pagsasapribado, deregulasyon, liberalisasyon ng kalakalan, pangongolekta ng karagdagang rentas internas,** at **pagtitipid sa gugol** ay iilan lamang sa mga rekomendasyon ng IMF upang makalikom ang ating pamahalaan ng karagdagang rentas internas at maisaayos nito ang ating ekonomiya. Inaasahang sa pagsasagawa ng mga rekomendasyong ito, mababawasan ang kahirapan sa ating bayan at makakapagbayad ang ating pamahalaan ng utang panlabas.
- Ang **Batas sa Automatikong Laang-gugulin** (*Automatic Appropriations Law*) ang nagbibigay ng kapangyarihan sa ating pamahalaan na bigyan ng priyoridad ang lingkurang pautang sa kapinsalaan ng serbisyong panlipunan gaya ng kalusugan at edukasyon.
- Ang **bitag ng pagkakautang** ay ginagamit upang ilarawan ang kalagayan ng mga bansang maralita na nahihirapang magbayad o hindi makapagbayad ng kanilang utang panlabas. Ang tanging lunas nila sa kanilang kalagayan ay ang walang tigil na pangungutang na lalong nagpapabaon sa kanila sa utang.
- Tungkulin ng nangutang na bayaran ang kanyang inutang. Kung kaya kailangang bayaran ng ating pamahalaan ang ating utang panlabas.

Binabati kita! Dito na nagtatapos ang modyul na ito. Nagustuhan mo ba ito? Basahin mo ang sumusunod na mahahalagang punto upang madali mong matandaan ang mga ito.



## Ibuod Natin

Itinuturo ng modyul na ito na:

- Kinakailangang mangutang ang ating pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangan ng ating bayan.
- Nagbibigay ng tulong pinansiyal at tulong teknikal ang mga banyagang institusyon sa mga bansang maralita upang mabawasan ang kahirapan sa mga bansang ito at maisulong sila tungo sa kaunlaran.
- Ang isang bansang nangutang ay may tungkuling magbayad. Kaya dapat lamang na magsagawa ang ating pamahalaan ng masusing pagpaplano ng mga proyektong pangkaunlaran bago mangutang ng pondo para sa mga ito.
- Ang iresponsableng pangungutang para sa mga proyektong hindi naman mapapakinabangan ay dapat iwasan ng ating pamahalaan upang hindi tayo magdusa.
- Ang mga kondisyong ipinapataw (o mga rekomendasyon) ng mga banyagang institusyon ay kinakailangang isagawa ng ating pamahalaan bago ito makautang. Ang mga kondisyong ito ay ang pagsasapribado, deregulasyon, liberalisasyon ng kalakalan, pangongolekta ng karagdagang rentas internas, at pagtitipid sa gugol.



## Anu-ano ang Iyong mga Natutuhan?

Basahin mong mabuti ang sumusunod na pangungusap at tanong. Isulat mo ang iyong mga palagay o mga sagot sa patlang.

1. Paano nakakaapekto sa ating pagkakabaon sa utang ang katiwalian sa pamahalaan?

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

2. Kinakailangang mangutang ang ating pamahalaan upang mapaunlad ang ating bayan.

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

   ______________________________________________________

3. Ang utang ay utang. Dapat itong bayaran.

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

4. Isulat ang konsekuwensiya ng pagkakaroon ng utang panlabas.

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

5. Sang-ayon ka ba na mahalaga ang pagsasagawa ng masusing pagpaplano ng mga proyektong pangkaunlaran bago mangutang ng pondo para sa mga ito?

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

6. Anu-ano ang mga araling natutuhan mo tungkol sa utang panlabas na magagamit mo sa iyong araw-araw na pamumuhay?

___________________________________________________________

___________________________________________________________

___________________________________________________________

Ihambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 64–66.

## Batayan sa Pagwawasto

### A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–3)*

1. *Sang-ayon.* Ang ating pamahalaan ay magkakaroon ng mas maraming pondo para sa proyektong pangkaunlaran nito.

   *Di Sang-ayon.* Unti-unting nagugumon sa utang panlabas ang ating pamahalaan. Bago ito mangutang, dapat muna nitong siguruhin ang tamang paggamit sa mga nalilikom nitong rentas internas.

2. *Sang-ayon.* Dahil sa utang panlabas, maraming proyektong pangkaunlaran ang naisagawa ng ating pamahalaan. Ang LRT at ang MRT na kapwa nagpapagaan sa paglalakbay ng mga taga-Maynila ay mga halimbawa ng mga proyektong ito.

   *Di Sang-ayon.* Bagama't may mga proyektong pangkaunlaran na maaaring naisasagawa ang ating pamahalaan dahil sa ating utang panlabas, hindi ko pa rin ituturing na maunlad na bansa ang Pilipinas. Karamihan sa atin ay nalulugmok pa rin sa kahirapan.

3. *Sang-ayon.* Napakarami ng mga mayayaman dito sa ating bayan. Sila ay nagmamay-ari ng maraming mga sasakyan na nagpapalala sa daloy ng trapiko.

   *Di Sang-ayon.* Karamihan sa atin ay nalulugmok pa rin sa kahirapan. Sa katunayan, marami sa atin ang walang trabaho at walang disenteng tirahan.

4. *Sang-ayon.* Hindi sapat ang rentas internas na nalilikom ng ating pamahalaan para ipambayad sa ating utang panlabas.

   *Di Sang-ayon.* Sapat ang rentas internas na nalilikom ng ating pamahalaan para ipambayad sa ating utang panlabas.

5. *Sang-ayon.* Kung ang ating pamahalaan ay tunay na makatao, uunahin nitong matugunan ang mga pangangailangan natin.

   *Di Sang-ayon.* May obligasyon ang ating pamahalaan na bayaran ang ating utang panlabas. Kung tutuusin, paano ito makakakuha ng panibagong utang kung hindi nito babayaran ang ating naunang utang.

6. *Sang-ayon.* Kung hindi dahil kay dating Pangulong Marcos, hindi tayo natutong mangutang sa mga banyagang institusyon.

   *Di Sang-ayon.* Dapat ibunton ang lahat ng sisi kay dating Pangulong Marcos sa pagkakaroon natin ng malaking utang panlabas.

7. *Sang-ayon.* Ginamit ng ating pamahalaan ang utang panlabas sa pagpapaayos ng ating mga paaralan at sa pagdaragdag ng mga guro.

   *Di Sang-ayon.* Karamihan sa ating mga paaralang publiko ay kulang na kulang hindi lamang sa mga kagamitan kundi pati na rin sa mga guro.

8. *Sang-ayon.* Ang mga mahihirap ay hindi naman nakinabang sa ating utang panlabas. Ang mga mayayaman at mga opisyal ng ating pamahalaan lamang ang nakinabang.

   *Di Sang-ayon.* Lahat ay nakinabang sa ating utang panlabas.

9. *Sang-ayon.* Ang ating bansa ay umuunlad dahil sa ating utang panlabas. Gumaan ang ating buhay dahil sa mga proyektong pangkaunlarang pinaglalaanan nito.

   *Di Sang-ayon.* Dahil sa ating utang panlabas, ang ating bansa ay nananatiling maralita.

10. *Sang-ayon*. Kung hindi dahil sa mga masasamang opisyal ng ating pamahalaan, wala na sana tayong utang panlabas na babayaran pa. Kung ginamit nila nang tama ang utang panlabas na ito, umunlad na sana ang ating bansa kahit papaano. At sa pag-unlad ng ating bansa, makakayanan na nitong iahon ang sarili mula sa pagkakabaon sa utang.

    *Di Sang-ayon.* Binubuo ng mga masasamang opisyal ang ating pamahalaan.

## B. Aralin 1

*Subukan Natin Ito (pahina 8)*

A.
1. Mga kagamitang pansakahan/makabagong teknolohiya sa pagsasaka
2. Serbisyong medikal/mga ospital
3. Mga kagamitang pansakahan/makabagong teknolohiya sa pagsasaka
4. Sapat sa tubig
5. Serbisyong medikal/mga ospital
6. Mga bagong kalsada
7. Mga paaralan

B. Matutugunan ng ating pamahalaan ang ating mga pangangailangan sa pamamagitan ng paggamit sa:

1. Mga rentas internas na nalilikom nito mula sa atin at mga pribadong korporasyon.
2. Kita mula sa mga ipinagbiling ari-arian nito
3. Utang panlabas

*Pag-isipan Natin Ito (pp. 13–14)*

1. Ang kabuuang gastos ng pamilya ni Lucio sa isang buwan ay ₱5,816. Ito ay makakalkula sa pamamagitan ng pagdaragdag ng ₱1,540 sa ₱4,276.

2. Hindi. Dahil hindi sapat ang kinikita ni Lucio sa isang buwan para matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya sa isang buwan. Ang kinikita ni Lucio sa isang buwan ay ₱4,800 lamang samantalang ang gastos ng kanyang pamilya sa isang linggo ay ₱1,069.

   Kung imumultiplika mo ang 4 (ang kabuuang bilang ng mga linggo sa isang buwan) at ang ₱1,069, ang makukuha nating sagot ay ₱4,276. At kung idaragdag pa natin dito ang iba pang buwanang gastos ng pamilya na umaabot ng ₱1,500 (kuryente, renta sa tirahan, atbp.), ang makukuha natin ay ₱5,816.

   Batay sa ating kalkulasyong ginawa, talagang hindi sapat ang kinikita ni Lucio.

3. Oo. Ang kakulangan sa badyet ng pamilya ni Lucio ay umaabot ng ₱1,016. Nakalkula natin ito sa pamamagitan ng pagbabawas ng buwanang gastos ng pamilya sa buwanang kita ni Lucio (₱5,816 – ₱4,800 = ₱1,016).

4. Wala na silang perang madudukot sa panahon ng kagipitan. Kulang na nga ang kinikita ni Lucio sa isang buwan.

5. Oo. Ang pangungutang sa aking mga kamag-anak at mga kaibigan ay isa sa mga bagay na maaari kong gawin upang matugunan ko ang pangangailangan ng aking pamilya. Gagawin ko ang lahat ng aking makakaya upang suportahan ang aking pamilya.

   Hindi. Hindi ako mangungutang sa aking mga kamag-anak at mga kaibigan dahil mahihirapan ako sa pagbabayad sa kanila. Ayokong masira sa kanila. Maghahanap na lang ako ng ibang mapapasukan upang mas malaki ang kikitain ko buwan-buwan. O kaya naman magbebenta na lang ako ng ibang kasangkapan sa bahay.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 16–17)*

A. a. mga kalsada
   b. mga paaralan
   c. mga ospital
   d. katahimikan at kapayapaan
   e. mga kagamitang pansakahan/makabagong teknolohiya sa pagsasaka
   f. pabahay
   g. tubig at paglilinis

B. Halimbawang sagot:

Kung ako ang Pangulo ng ating bansa, ako ay hindi mangingiming umutang sa mga banyagang institusyon upang matugunan ko ang pangangailangan ng ating bansa. Ang mag-uudyok sa aking gumawa ng ganitong hakbang ay ang kakulangan ng rentas internas ng ating pamahalaan.

C. a. Sa konteksto ng pamilya

Kapag ang isang pamilya ay nakakaranas ng kakulangan sa badyet, ang pamilyang ito ay kinakapos. Wala itong sapat na kita para matugunan ang mga pangangailangan nito. Ang pamilya ni Lucio ay isang tipikal na halimbawa. Matatandaang ang kinikita ni Lucio ay hindi sapat para mabayaran lahat ang buwanang gastos sa pagkain, renta, tirahan, baon ng mga bata, kuryente, tubig, atbp.

b. Sa konteksto ng ating pamahalaan

Halos magkatulad ang kakulangan sa badyet na nararanasan ng ating pamahalaan at ng isang pamilya. Nakakaranas ng kakulangan sa badyet ang ating pamahalaan kapag hindi sapat ang nalilikom nitong rentas internas para matugunan ang mga pangangailangan ng bansa gaya ng mga serbisyong panlipunan. Dapat sana ay sapat ang nalilikom nitong rentas internas. Ngunit kadalasan, hindi ito ang nangyayari.

## C. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pp. 19–20)*

1. Pinag-uusapan nina Lucio at Nena ang kanilang suliraning pinansiyal (ang kakulangan sa badyet). Pinag-uusapan nila kung sinu-sino ang lalapitan nila.

2. Maaaring mangutang si Lucio sa kanyang mga kamag-anak at mga kaibigan, mga kapitbahay, mga bangko, o mga kooperatiba.

3. Kinakailangang mangutang si Lucio dahil hindi sapat ang kanyang kinikita upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanyang pamilya sa isang buwan. Sa laki ng uutangin ni Lucio, dapat marami siyang mapagkukunan.

4.

| Lucio | Ang ating pamahalaan |
|---|---|
| Mga kamag-anak | Mga bangkong lokal |
| Mga kaibigan | Mga banyagang institusyon gaya ng World Bank at ADB |
| Mga kasama sa trabaho | |
| Mga bangko | |
| Mga kooperatiba | IMF |
| Mga bahay-sanglaan (?) | Ibang institusyong pinansiyal |
| Mga Bombay na nagpapautang | |

5. Maraming mga institusyong pinansiyal ang itinatag upang tumulong sa mga bansang maralita at papaunlad pa lamang. Ang iba sa mga institusyong ito ay nagbibigay ng tulong pinansiyal at tulong teknikal.

*Subukan Natin Ito (pp. 24–25)*

1. Ang mga proyektong ito ay makakatulong sa pagtugon sa mga pangangailangan ng marami nating kababayan. Heto ang iilan sa mga proyektong ito:

    ♦ Kalusugan at Ligtas na Pagbubuntis at Panganganak ng mga Kababaihan — Nilalayon ng proyektong ito na mabawasan ang dami ng mga babaeng nagkakasakit o namamatay dahil sa pagbubuntis o panganganak.

    ♦ Kalusugan at Nutrisyon ng mga Taga-lungsod — Nilalayon ng proyektong ito na pangalagaang mabuti ang kalusugan at nutrisyon ng mga iskuwater.

    ♦ Pagpapaunlad ng mga Pamayanan ng Repormang Pansakahan — Nilalayon ng proyektong ito na tulungan ang mga kapisanang ito sa pagsasagawa ng kanilang mga gawaing pangkaunlaran na makapagbibigay sa kanila ng mas malaking kita.

    ♦ Patubig at Paglilinis ng mga Pamahalaang Lokal — Ang proyektong ito ay tutulong sa ilang pamahalaang lokal sa patubig at paglilinis ng kanilang mga pamayanang lokal.

    Lubhang kapaki-pakinabang talaga ang mga proyektong ito.

2. Batay sa talaan, umutang ang ating pamahalaan ng US$226 milyon para mapondohan ang mga proyektong ito.

3. Makukuha natin ang sagot kung papalitan natin ang US dolyar sa katumbas nito sa piso. Kailangan nating imultiplika ang kabuuang halaga ng mga proyekto (US$226 milyon) sa halaga ng palitan ng piso at dolyar noong panahong iyon (₱40 = US$1):

   Kalkulahin natin:

$$\begin{array}{r} 226{,}000{,}000 \\ \times \quad 40 \\ \hline 9{,}040{,}000{,}000 \end{array}$$

   Noong panahong iyon, ang kabuuang halaga ng proyektong inutang ng ating pamahalaan ay ₱9,040,000,000.

4. Kung ang halaga ng palitan ay tumaas mula ₱40 bawat US$1 sa ₱48 bawat US$1, ang utang ng ating pamahalaan sa World Bank ay tumaas mula ₱9,040,000,000 sa:

   Kalkulahin natin:

$$\begin{array}{r} 226{,}000{,}000 \\ \times \quad 48 \\ \hline 10{,}848{,}000{,}000 \end{array}$$

5. Ang implikasyon nito: Kapag tumataas ang halaga ng dolyar sa piso, ang utang panlabas natin (na dapat nating bayaran sa dolyar) ay tumataas din. Ayon kay dating Pambansang Tesorero Leonor Briones, sa bawat pisong itataas ng halaga nito, ang ating lingkurang pautang ay tinatayang nadaragdagan ng ₱1 bilyon hanggang ₱2 bilyon.

*Subukan Natin Ito (pp. 28–29)*

1. Ang lathalain ay tungkol sa balak ng IMF na ipagpaliban ang pagpapautang nito ng US$314 milyon sa atin. Ang katumbas nito ay ₱15,072,000,000 o ₱15.072 bilyon kung ang halaga ng palitan ay ₱48 = US$1.

2. Ang kakulangan sa badyet ang dahilan ng di kaagad na pagbigay ng IMF sa perang ating uutangin. Sa unang siyam na buwan ng taong ito, umabot na ng ₱82.983 bilyon ang kakulangan sa badyet ng ating pamahalaan. Ito ay lampas na sa itinakdang hangganan ng IMF na ₱62.5 bilyon. Humigit ₱20.483 bilyon ang kakulangan sa ating badyet.

3. Hindi magpapautang ang IMF kung wala itong kasiguruhan na ito ay mababayaran. Ang tanging nagbibigay ng kasiguruhan sa IMF ay ang kakayahan ng ating pamahalaan na tupdin ang hangganan ng kakulangan sa badyet na itinakda nito. Kapag lumampas sa hangganang ito ang kakulangan sa badyet ng ating pamahalaan, ititigil ng IMF ang pagpapautang nito. Hangga't hindi nababawasan ng ating pamahalaan ang kakulangan nito sa badyet, hindi ito pauutangin ng IMF.

4. Kapag itinuloy ng IMF ang balak nitong ipagpaliban ang US$314 milyon utang nito sa ating pamahalaan, magkakaroon ng malaking suliranin ang ating bansa. Hindi matutugunan ang mga pangangailangan ng ating bansa dahil walang pondo para sa mga proyektong pangkaunlaran ng ating pamahalaan. Matatandaang hindi sapat ang nalilikom na rentas internas ng ating pamahalaan kaya nga ito nangungutang sa IMF.

*Subukan Natin Ito (pahina 32)*

1. Ang lathalaing ito ay tungkol sa proyekto para sa rehabilitasyon ng Ilog Pasig. Nilalayon ng proyektong ito na ibalik sa dati ang Ilog Pasig upang ito ay mapakinabangan muli.

2. Oo. Sa palagay ko ay mahalaga ang rehabilitasyon ng Ilog Pasig. Alalahanin nating makasaysayan ang ilog na ito. Kailangan natin itong maibalik sa dati upang mapakinabangan itong muli.

   Hindi. Sa palagay ko ay hindi gaanong mahalaga ang rehabilitasyon ng Ilog Pasig. Mas maraming mahahalagang pangangailangan ang ating bayan na mas nararapat bigyan ng pansin at tugunan gaya ng pagpapatayo ng mga karagdagang paaralan at pagbibigay ng tulong sa mga industriya. Dapat ay maging maingat ang ating pamahalaan sa pangungutang. Bagama't mahalaga ang rehabilitasyon ng Ilog Pasig, ang kahalagahan nito ay hindi sapat para ituring itong isa sa mga pangunahing pangangailangan ng ating bansa.

3. Ang proyekto ay nagkakahalaga ng US$750 milyon o ₱36 bilyon. Para mapondohan ito, ang ADB ay magpapautang sa ating pamahalaan ng US$176 milyon o ₱8.448 bilyon. Sa pagsasagawa ng proyektong ito, tutulungan ang ating pamahalaan ng Programa sa Pamamahalang Pangkapaligiran at Pagpapaunlad ng Sektor sa Pagbabagong-ayos ng Ilog Pasig (*Pasig River Environmental Management and Rehabilitation Sector Development*).

*Subukan Natin Ito (pahina 34)*

1. Nangutang ang ating pamahalaan ng US$2.3 bilyon mula sa limang bangko ng Britanya para maipatayo ang Plantang Nukleyar sa Bataan.

2. Mula noong 1986, ang ating pamahalaan ay nakabayad na ng US$1.2 bilyon o US$100,000 bawat araw sa utang na ginamit sa pagpapatayo ng plantang ito.

3. Hindi ginamit ang plantang ito dahil idineklarang depektibo ito at lubhang mapanganib ng isang grupo ng mga pandaigdigang inspektor na tumingin dito matapos matanggal sa puwesto si dating Pangulong Ferdinand Marcos noong 1986. Matatandaang ang plantang ito ay itinayo sa isang *earthquake fault* (bitak sa lupa na sanhi ng lindol).

4. Ang enerhiyang nukleyar ay mura at maaaring papanumbalikin (*renewable*). Sa paggamit nito, hindi na kailangang umasa pa nang lubusan ang ating bansa sa langis na inangkat mula sa ibayong dagat.

5. *Sang-ayon.* Sang-ayon ako sa paggamit ng plantang ito dahil sa: (1) Malaki ang ginastos natin sa pagpapatayo nito kaya dapat lang na gamitin ito nang mapakinabangan; (2) ayon sa ibang mga ulat, ito ay ligtas naman; (3) ang plantang ito ay makakalikha ng enerhiyang nukleyar na mura at maaaring papanumbalikin (*renewable*); (4) hindi pa naman napapatunayan na nangurakot si dating Pangulong Marcos sa pagpapatayo ng plantang ito; at (5) ang plantang ito ay itinayo upang makatulong sa pagpapabuti ng pamumuhay ng mga Pilipino.

   *Di Sang-ayon.* Tutol ako sa paggamit ng plantang ito dahil ito ay depektibo at lubhang mapanganib. Bukod dito, ito ay itinayo sa isang earthquake fault (bitak sa lupa na sanhi ng lindol) at maaaring pagmulan ng disgrasya. Sayang lamang ang inutang ng ating pamahalaan para sa pagpapatayo ng plantang ito na kailanman ay hindi pakikinabangan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 35–36)*

A. Ang utang panlabas ay mahalaga dahil ito ang pinagkukunan ng pondo para sa mga proyektong pangkaunlaran ng ating bansa—mga proyektong tumutugon sa mga pangangailangan natin. Dahil sa utang panlabas, hindi napaparalisa ang ating pamahalaan bagama't ito ay nakakaranas ng lumalaking kakulangan sa badyet.

B. a. Ang World Bank (WB)

Tumutulong ang World Bank upang maisakatuparan ang mga proyektong pangkaunlaran ng ating pamahalaan. Nagbibigay ito ng tulong pinansiyal at tulong teknikal upang maiahon tayo sa kahirapan. Sa katunayan, nagpautang ito para sa mga proyektong pakikinabangan ng mga kababaihan, mga maralitang taga-lungsod, mga magsasaka, at mga pamayanang lokal.

b. Ang International Monetary Fund (IMF)

Ang institusyong ito ay nagpapautang sa mga kasaping kinakapos upang kanila itong magamit sa pagsasakatuparan ng kanilang mga proyektong pangkaunlaran. At bilang tagapangasiwa ng sistema ng pagpapalitan ng mga pera ng mga bansang kasapi nito, ang IMF ay nagpapatupad ng kanilang pakikipagtulungang pampananalapi.

c. Ang Asian Development Bank (ADB)

Nilalayon ng ADB na tulungan ang mga pamahalaan ng mga bansa sa Asya na iahon sa kahirapan ang kanilang mga mamamayan. Nagbibigay ang ADB ng tulong pinansiyal at tulong teknikal para maisagawa ng mga pamahalaang tinutulungan nito ang kanilang mga proyektong pangkaunlaran. Sa katunayan, ito ay nagpautang ng pondo para sa *Proyekto Para sa Kagamitan sa Akreditasyon ng Edukasyong Di-pormal* at sa pagkatuto ng panumbas (*NFE A & E Project*). Bukod dito, ito ay tumutulong sa *Pangasiwaan ng Pagpapaunlad sa mga Kasanayan at Edukasyong Teknikal* (*Technical Education and Skills Development Authority* o *TESDA*).

## D. Aralin 3

Subukan Natin Ito (pahina 39)

1. Ang pag-uusap ay tungkol sa suliraning pinansiyal nina Lucio at Nena. Pinag-uusapan nila kung paano sila makakabayad sa kanilang pinagkakautangan.

2. Sa laki ng inutang ni Lucio, nagkaroon na siya ng sapat na pera para matugunan ang pangangailangan ng kanyang pamilya. Ngunit ang lunas na ibinigay ng kanyang mga utang ay panandalian lamang. Nang malapit na ang bayaran, alalang-alala siya. Hindi niya malaman kung paano siya makakabayad ng kanyang mga utang.

3. **Lucio o Nena**

    - Ibebenta ko ang iilan nating kasangkapan sa bahay.
    - Pakikiusapan ko ang mga miyembro ng aking pamilya na mangungupahan kami ng mas murang tirahan sa kanila; o kaya naman ay
    - Kung mayroon kaming isang silid na hindi nagagamit, pakikiusapan ko ang mga miyembro ng aking pamilya na paupahan namin ito.
    - Pakikiusapan ko ang mga miyembro ng aking pamilya na magtipid sa paggamit ng tubig at kuryente.
    - Imumungkahi ko sa mga miyembro ng aking pamilya na huwag magwaldas ng pera sa mga bagay na hindi naman masyadong kailangan gaya ng bagong damit at sapatos.
    - Kung ako ang nasa kalagayan ni Lucio, ako ay maghahanap ng ibang hanapbuhay na makapagbibigay sa akin ng mas malaking kita.
    - Kung ako ang nasa kalagayan ni Nena, ako ay magtatayo ng munting tindahan na pangangasiwaan ko at ng aking mga anak.

**Ang ating pamahalaan**

- Kung ako ang Pangulo ng Pilipinas, ibebenta ko ang iilang ari-arian ng ating pamahalaan lalung-lalo na ang mga ari-ariang mahinang kumita at umuubos lamang ng tulong na pera ng ating pamahalaan (*subsidy*).
- Payayabungin ko ang kompetisyon ng iba't ibang industriya ng ating ekonomiya sa pamamagitan ng deregulasyon. Sa pagyabong ng kompetisyon, makakalikom ang ating pamahalaan ng karagdagang rentas internas.
- Imumungkahi ko sa mga kalihim ng mga kagawaran na limitahan ang gastos. Bukod dito, imumungkahi ko sa Kongreso na suriing muli ang pambansang badyet at magsagawa ng pagdaragdag at pagbabawas ng mga laang-gugulin ng mga kagawaran nang hindi pinalalaki ang pambansang badyet.

*Subukan Natin Ito (pahina 40)*

1. pagsasapribado
2. deregulasyon
3. mabawasan
4. kalakalan
5. buwis
6. rentas internas

*Subukan Natin Ito (pahina 45)*

1. Oo. Sa palagay ko, isinakripisyo ng mga bansang inilarawan ang kanilang ibinibigay na serbisyong panlipunan upang mabayaran nila ang kanilang mga utang panlabas. Tingnan na lang natin, halimbawa, ang kaso ng Mozambique na kung saan tatlong tao lamang sa sampung katao ang nakakakuha ng serbisyong medikal. Talaga namang mas binibigyan ng pamahalaan ng priyoridad ang pagbabayad ng utang panlabas.

   Hindi. Sa palagay ko, hindi naman isinakripisyo ng mga bansang inilarawan ang kanilang ibinibigay na serbisyong panlipunan upang mabayaran nila ang kanilang utang panlabas. Nagpalabis lamang ang *Lutheran World Foundation* sa pag-uulat na ginawa nito tungkol sa kalagayan ng mga bansang ito.

2. May pananagutan ang mga pamahalaan ng mga bansang ito sa mga banyagang institusyong pinagkakautangan. Mahalagang maging responsable sa pangungutang sapagkat lahat ng utang ay dapat bayaran. Tama ang ginagawa ng mga pamahalaang nabanggit.

3. Oo. Sa palagay ko ay lalong mapapasama ang kalagayan ng mga bansang ito kung hindi nangutang ang kanilang mga pamahalaan para matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga mamamayan. Wala namang ibang mapagkukunan ang mga pamahalaang ito. Kung tama lamang ang paggamit nila ng kanilang mga utang panlabas, maisasagawa nila ang kanilang mga proyektong pangkaunlaran. Dapat nilang isaisip na ang pangungutang nila para sa kanilang mga mamamayan ay may kaakibat na pananagutan.

   Hindi. Sa palagay ko ay hindi mapapasama ang kalagayan ng mga bansang ito kung hindi nangutang ang kanilang mga pamahalaan para matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang mga mamamayan. Ang ginawa ng mga pamahalaang ito ay naghanap ng ibang mapagkukunan. Ang pagkagumon nila sa mga utang panlabas ang sanhi ng paghihirap ng kanilang mga mamamayan. Dahil nangutang sila, dapat nilang isantabi ang mga pangangailangan ng kanilang mga mamamayan para sila makapagbayad.

*Magbalik-aral Tayo (pp. 47–48)*

Oo. Sa palagay ko ay nahuli na ang ating bansa sa bitag ng pagkakautang. Umaasa na lamang tayo sa utang panlabas tuwing nakakaranas ang ating pamahalaan ng kakulangan sa badyet. At ang masama pa nito ay panibagong utang ang ipinambabayad natin sa nakaraang utang.

Dapat magsagawa ng masusing pagpaplano ang ating pamahalaan bago ito mangutang ng pondo para sa mga proyektong pangkaunlaran nito. Ang mga proyektong ito ay dapat kumita nang malaki upang mabayaran ang mga pondong inutang at upang matugunan ang mga pangangailangan natin. Dapat siguruhin ng ating pamahalaan na matagumpay ang pagsasagawa ng mga proyektong ito upang unti-unti nitong maiwasan ang pangungutang.

Hindi. Sa palagay ko ay hindi pa nahuli ang ating bansa sa bitag ng pagkakautang. Kaya pa nating magbayad ng ating utang panlabas.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 48–49)*

A. 1. **T**

   2. **M**. Dapat tayong mabahala sa utang panlabas ng ating pamahalaan sapagkat buwis natin ang gagamitin sa pagbabayad nito. Ito ang dahilan kung bakit isinasantabi ang ating mga pangangailangan bilang mga mamamayan.

   3. **M**. Ang ating bayan ay lalo pa ngang naghihirap dahil sa utang panlabas. Sa katunayan, marami pa sa atin ang nalulugmok sa kahirapan.

4. **T**

5. **M**. Kapag nangutang ka ng pambayad sa utang, may panibago ka na namang utang.

B. 1. Pagsasapribado, deregulasyon, liberalisasyon ng kalakalan, pangongolekta ng karagdagang rentas internas, at pagtitipid sa gugol - nilalayon ng mga rekomendasyong ito ng IMF na tulungan ang ating pamahalaan na makalikom ng karagdagang rentas internas at maisaayos ang ating ekonomiya. Inaasahang sa pagsasagawa sa mga rekomendasyong ito, mababawasan ang kahirapan sa ating bayan at makakapagbayad ang ating pamahalaan ng utang panlabas. Ang mga rekomendasyong ito ay nagsisilbing mga kondisyon bago magpautang ang IMF sa ating pamahalaan.

Makakaahon ang ating bayan sa pagkakautang kung tama ang pagsasagawa ng ating pamahalaan ng mga rekomendasyong ito - at kung nagsasagawa ang ating pamahalaan ng masusing pagpaplano ng mga proyektong pangkaunlaran nito.

2. Kung hindi tayo magbabayad ng ating utang panlabas, hindi na tayo makakautang muli sa mga banyagang institusyon. Mawawalan sila ng tiwala sa atin, at dahil dito, hindi na nila popondohan ang mga proyektong pangkaunlaran ng ating pamahalaan.

At batay sa natutuhan natin sa Unang Aralin, ang utang panlabas ay ginagamit ng ating pamahalaan upang matugunan ang pangangailangan ng ating bansa. Kaya naman kapag hindi na tayo pinautang ng mga banyagang institusyong nabanggit, malaki itong kawalan sa atin. Maraming mga serbisyong panlipunan ang hindi maibibigay ng ating pamahalaan.

## E. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 51–52)*

1. Malaki ang kinalaman ng katiwalian sa ating pamahalaan sa pagkabaon ng ating bansa sa utang. Lalong nababaon sa utang ang ating bayan dahil (1) kinukurakot ang utang panlabas na dapat sana ay gamiting pondo para sa mga proyektong pangkaunlaran at (2) mali ang pinaglalaanan ng utang panlabas at nagkukulang ng pondo para sa ibang mga proyektong pangkaunlaran.

2. Sa palagay ko ay may magandang dahilan ang ating pamahalaan kung bakit ito nangungutang. Lagi itong nakakaranas ng kakulangan sa badyet at kung hindi ito mangungutang, hindi nito matutugunan ang mga pangangailangan ng ating bansa. Ngunit dahil lagi itong nangungutang, unti-unti na itong nagugumon sa pangungutang. Ang nakakalungkot pa rito ay kinukurakot ang inuutang nito ng mga masasamang opisyal.

3. Mahalagang maging responsable sa pangungutang sapagkat lahat ng utang ay dapat bayaran. Responsibilidad ng sinuman na ibalik kung ano man ang hiniram. Kaya't kung ang isang tao o bansa ay kailangang mangutang, kailangang siguruhin na ang inuutang ay kayang bayaran.

4. ***Mga bentahe:***

   - Ang utang panlabas ay mahalaga dahil nagsisilbing lunas ito sa kakulangan sa badyet ng ating pamahalaan. Ito ang ginagamit ng ating pamahalaan upang matugunan ang mga pangangailangan ng ating bansa.
   - Dahil sa utang panlabas, napopondohan ang mga proyektong pangkaunlaran na pinakikinabangan natin gaya ng (1) patubig para sa lupang pansakahan at (2) Proyekto Para sa Kagamitan sa akreditasyon ng Edukasyong Di-pormal at sa pagkatuto ng panumbas (*NFE A & E Project*).
   - Sa oras ng kagipitan, ang utang panlabas ay magagamit upang panatilihing matatag ang ating ekonomiya.
   - Ang utang panlabas ay magagamit na pambayad sa mga naunang utang ng ating pamahalaan.

   ***Mga disbentahe:***

   - Dahil sa laki ng ating utang panlabas, nahihirapang magbayad ang ating pamahalaan.
   - Mas binibigyan ng priyoridad ng ating pamahalaan ang lingkurang-pautang kaysa sa mga pangangailangan natin. Sa katunayan, nababawasan ang laang gugulin nito para sa edukasyon.
   - Dahil sa iresponsableng pangungutang ng ating pamahalaan para mapondohan ang mga proyektong hindi naman mapapakinabangan, ipinambabayad ngayon nito ang ating mga buwis. Isang halimbawa ng ganitong klase ng proyekto ay ang Plantang Nukleyar sa Bataan.
   - Kailangang isagawa ng ating pamahalaan ang mga rekomendasyon ng IMF upang ito ay pautangin.

5. Oo. Sang-ayon ako na mahalaga ang pagsasagawa ng masusing pagpaplano ng mga proyektong pangkaunlaran bago mangutang ng pondo para sa mga ito. Dapat siguruhin nating mapapakinabangan ang mga proyektong isasagawa natin. Dapat matuto tayo sa ating mga pagkakamali gaya ng pagpapatayo ang Plantang Nukleyar sa Bataan. Sa madaling sabi, kailangan tayong maging responsable sa pangungutang.

6. Ang ilan sa mga mahahalagang puntong natutuhan ko ay ang sumusunod:

   a. Mahalaga ang pagsasagawa ng masusing pagpaplano ng mga proyektong pangkaunlaran bago mangutang ng pondo para sa mga ito. Mahalaga rin na kumita nang malaki ang mga proyektong ito upang mabayaran ang mga pondong inutang para sa mga ito at upang matugunan ang mga pangangailangan natin.

   b. Dapat nating gamitin nang tama ang ating inutang.

   c. Tungkulin nating bayaran ang ating mga pinagkakautangan.

## Talahuluganan

**Batas sa Automatikong Laang-gugulin (*Automatic Appropriations Law*)** Ito ang nagbibigay ng kapangyarihan sa ating pamahalaan na bigyan ng priyoridad ang lingkurang pautang sa kapinsalaan ng serbisyong panlipunan gaya ng kalusugan at edukasyon.

**Bitag sa pagkakautang (*debt trap*)** Ito ay ginagamit upang ilarawan ang kalagayan ng mga bansang maralita na nahihirapang magbayad o hindi makapagbayad ng kanilang utang panlabas. Ang tanging lunas nila sa kanilang kalagayan ay ang walang tigil na pangungutang na lalong nagpapabaon sa kanila sa utang.

**Kompetisyon (*competition*)** Ito ay ang paligsahan ng mga bahay-kalakal sa isang industriya. Pababaan sila ng presyo ng kanilang kalakal at serbisyo at pataasan sila ng kalidad ng mga ito.

**Kakulangan sa badyet (*budget deficit*)** Ito ay tumutukoy sa gastos na hindi matutumbasan ng rentas internas.

**Deregulasyon (*deregulation*)** Ito ang pagbibitaw ng ating pamahalaan sa pangangasiwa sa isang industriyang nagbibigay ng mga palingkurang bayan. Kapag isinasagawa ito, nagtatanggal ang ating pamahalaan ng kontrol sa presyo (*price control*) sa industriya para mapayabong nang husto ang kompetisyon nito.

**Halaga ng palitan (*exchange rate*)** Ito ang panumbasang ginagamit upang malaman kung magkano ang halaga ng isang pera sa ibang pera.

**Hangganan ng kakulangan sa badyet (*budget deficit ceiling*)** Ito ang kakulangan sa badyet na itinakda ng IMF.


**Liberalisasyon ng kalakalan (*trade liberalization*)** Ito ang pagbubukas ng ating ekonomiya sa pandaigdigang kalakalan.

**Lingkurang-pautang (*debt servicing*)** Ito ang pagbabayad ng mga utang panlabas na itinatakda ng Batas ng Automatikong Laang-gugulin.

**Pakikipagtulungang pampananalapi (*monetary cooperation*)** Ang pakikipagtulungang pampananalapi ay isang kasunduan ng mga bansang kasapi sa IMF. Itinatakda ng kasunduang ito ang halaga ng palitan ng mga pera nila upang maayos at mabilis ang kanilang mga transaksiyon sa isa't isa.

**Pagsasapribado (*privatization*)** Ito ay ang pagbebenta ng mga ari-arian ng ating pamahalaan gaya ng Pambansang Pangasiwaan ng Tubig at Alkantarilya (*Metropolitan Waterworks and Sewerage System* o MWSS) sa pribadong sektor.

**Rentas internas *(internal revenue)*** Ito ang pangunahing pinagkukunan ng ating pamahalaan. Ito ang mga buwis na kinokolekta nito.



# Mga Sanggunian


**Mga Aklat**

Case, K. E. & Fair, R. C. (1996). *Principles of Macroeconomics, 4th ed.* New Jersey: Prentice Hall.

Griffiths, A. & Wall, S. (1995). *Applied Economics: An Introduction, 6th ed.* New York: Longman.

**Mga Peryodiko**

Del Rosario, J. (1999). “JUBILEE 2000: Towards Ending the Debt Crises.” *IBON Special Release, 44.*

Guzman, R. B. (2000). “The Economy in Contradiction.” (BIRDTALK Economic and Political Briefing). (1999). International Debt. *LWF Development Education Forum.*

Dumlao, D. (October 23, 2000). Foreign debt servicing cost up by ₱3.9B. *Philippine Daily Inquirer.*

Cabacungan, G. (October 23,2000). Gov’t to proceed with sale of PNCC, Philpos. Philippine Daily Inquirer.

**Mula sa Internet**

“The World Bank.” <http://www.worldbank.org>. October 10, 2000, date accessed.

“The International Monetary Fund.” <http://www.imf.org>. October 10, 2000, date accessed.

“The Asian Development Bank.” <http://www.adb.org>. October 10, 2000, date accessed.

“Philippine Debt for Agrarian Reform Swap: A Preliminary Proposal for Government and Multilateral Organizations.” <www.parfund.org.ph>. October 4, 2000, date accessed.

Valdez-Fabros, C. “The Continuing Struggle for a Nuclear Free Philippines.” *Wise Victory Special.* <www.wise.com>. October 12, 2000, date accessed.

“Third World Debt.” www.su.ic.ac.uk/clubsocs/scc/twf/debt.html>. October 12, 2000, date accessed.

Reuters. (December 9, 1999). “IMF questions weak peso amid surplus, Buenaventura says.” *Philippine Daily Inquirer.* www.inquirer.net/issues/Dec2000/dec9/business/bus_1.html>. October 14, 2000, date accessed.

Batino, Clarissa. (October 14, 2000). “9-month budget gap widens to ₱82.98B.” *Philippine Daily Inquirer.* www.inquirer.net/issues/oct2000/oct14/business/bus_1.html>. October 16, 2000, date accessed.